2010 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi

# Alam Kong Buhay ang Aking Tagapagligtas

*"Nguni't talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan" (Job 19:25).*





# Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sacrament Meeting

**Mahal na mga Primary Presidency at Music Leader,**

Sa taong ito may pagkakataon kayong ipadama at ipaunawa sa mga bata ang malaking pagmamahal sa kanila ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Sa pagsaksi ng Espiritu Santo, malalaman ng mga bata na dahil sa mahalagang papel na ginampanan ni Jesucristo sa plano ng ating Ama sa Langit, maaari silang sumampalataya sa Kanya. Malalaman din ng mga bata na mas tatatag ang pananampalataya nila kapag sila ay sumunod sa mga utos, naglingkod, nagbahagi ng ebanghelyo, sumunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, at naghanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Salamat sa inyong matapat na pananalig. Ipinagdarasal namin kayo, at tiwala kami sa kakayahan ninyong mahalin ang mga bata at turuan sila ng ebanghelyo ni Jesucristo at tulungan silang mamuhay ayon sa mga tuntunin nito.

Ang Primary General Presidency

**Tip:** *Ang pag-anyaya sa mga bata na matuto mula sa mga banal na kasulatan ay makatutulong sa kanilang magkaroon ng habambuhay na pagmamahal sa salita ng Diyos. Magplano ng mga paraan bawat linggo na anyayahan ang mga bata na gamitin at pag-aralan ang kanilang mga banal na kasulatan. Maaaring walang mga banal na kasulatan ang ilang bata. Maaaring hindi pa marunong bumasa ang iba. Ang mga aktibidad sa pagkatuto sa outline na ito at ang mga tip sa pagtuturo sa mga pahina 7, 12, at 18 ay magbibigay sa inyo ng mga ideya kung paano magturo gamit ang mga banal na kasulatan.*

## Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi

### Pagtuturo ng Ebanghelyo

Gamitin ang buklet na ito sa paghahandang magturo ng 15-minutong aralin linggu-linggo sa oras ng pagbabahagi. Madaragdagan ninyo ang mga lingguhang aralin ng iba pang mga materyal na inaprubahan ng Simbahan, tulad ng *Kaibigan* o ng *Liahona*. Tutulungan kayo ng sumusunod na mga patnubay na planuhin at ilahad ang mga aralin.

*Mahalin ang mga Tinuturuan Ninyo.* Ipakita ang pagmamahal ninyo sa mga bata sa pag-alam sa kanilang mga pangalan at mga kinawiwilihan, talento, at pangangailangan.

*Ituro ang Doktrina sa Pamamagitan ng Espiritu.* Habang naghahanda kayo ng mga aralin, humiling ng patnubay sa panalangin at sikaping palakasin ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntuning ituturo mo. Tutulungan kayo nitong magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

*Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral.* Ang buklet na ito ay ginawa para tulungan kayong malaman hindi lamang *kung ano* ang ituturo kundi maging *kung paano* magturo at maghikayat ng masigasig na pag-aaral. Mas epektibo ninyong maituturo ang doktrina kapag ginawa ninyo ang sumusunod na tatlong bagay sa bawat aralin:

1. **Tukuyin ang doktrina.** Malinaw na ipaalam ang doktrinang pag-aaralan ng mga bata. Mag-isip ng mga paraan para masabi ito at maipakita. (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga aralin para sa unang linggo ng Marso at unang linggo ng Hulyo.)
2. **Maghikayat ng pag-unawa.** Tiyaking higit na mauunawaan ng mga bata ang doktrina sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na umaakit sa kanila na matuto, tulad ng pagkanta ng mga awitin, duladulaan, at pagbabasa sa mga banal na kasulatan.
3. **Maghikayat ng pagsasabuhay.** Bigyan ng mga pagkakataon ang mga bata na maipamuhay ang doktrina. Isipin kung paano nila maipapakita ang damdamin tungkol sa o magtatakda ng mithiing nauugnay sa doktrina.

Ang buklet na ito ay naglalaan ng kumpletong mga aralin para sa ilan sa mga linggo sa buong taon. May mga ideya, ngunit hindi kumpletong mga aralin, para sa iba pang mga linggo. Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang iyon. Makakakuha kayo ng mga ideya sa pagbabasa ng iba pang mga aralin sa buklet na ito. Kapag may ikalimang Linggo, gamitin ang oras na ito para repasuhin ang nakaraang mga aralin. Magagabayan kayo ng Espiritu sa pagpaplano at paghahanda ng mga aktibidad para sa mga aralin.

Makipagtulungan sa music leader sa paghahanda ng inyong mga aralin. Ang pagkanta ng mga awitin ay tutulong na mapagtibay ang mga doktrinang inyong itinuturo. Paminsan-minsan maaari kayong magpatulong sa mga guro at kanilang mga klase sa mga bahagi ng pagtuturo ng ebanghelyo.

May ilang aralin na nagmumungkahing mag-anyaya ng mga panauhing tagapagsalita na makikilahok sa Primary. Dapat kayong humingi ng pahintulot sa inyong bishop o branch president bago anyayahang makilahok ang mga taong ito.


Nakalakip sa mga aralin ang ilang tip sa pagtuturo na tutulong sa inyo na paunlarin ang kakayahan

ninyong magturo. Kasama rin sa mga aralin ang mga larawang tutulong upang makita ninyo kung ano ang hitsura ng aktibidad. Kahit mahalagang paunlarin ang mga kasanayan sa pagtuturo, sarili ninyong espirituwal na paghahanda at patotoo ang mag-aanyaya sa Espiritu na pagtibayin ang mga doktrinang ito sa puso ng mga bata.

### Oras ng Kantahan

Ang musika sa Primary ay dapat maghikayat ng pagpipitagan, magturo ng ebanghelyo, at tumulong na madama ng mga bata ang impluwensya ng Espiritu Santo at ang galak na nagmumula sa pagkanta. Dapat kayong gumugol ng 20 minuto sa pagtuturo ng musika sa oras ng pagbabahagi. Titiyakin nito na may sapat na oras kayo para magturo ng bagong kanta at tulungan ang mga bata na masiyahan sa pagkanta.

Kasama sa buklet na ito ang isang bagong kanta na pag-aaralan ng mga bata ngayong taon (tingnan sa mga pahina 28–29). May isang bahagi rin dito na pinamagatang "Paano Gumamit ng Musika sa Primary" (tingnan sa mga pahina 26–27) at mga karagdagang ideya sa pagtuturo ng mga kanta sa mga bata (tingnan sa mga pahina 3, 5, 9, at 15).




## Mga Patnubay sa Pagtatanghal sa Sacrament Meeting

Sa pamamahala ng bishop o branch president, magtatanghal sa sacrament meeting ang mga bata sa ikaapat na kwarter ng taon. Kausapin ang tagapayo sa bishopric o branch presidency na namamahala sa Primary sa mga unang buwan ng taon para talakayin ang mga paunang plano. Hingin ang kanyang pahintulot kapag tapos na ang mga plano.

Planuhing maitanghal ng mga bata ang programa ayon sa mga buwanang tema sa oras ng pagbabahagi. Sa buong taon, itala ang mga pananalita at personal na karanasan ng mga bata na posibleng magamit sa pagtatanghal. Habang nagpaplano kayong ipabahagi sa mga bata ang natutuhan nila sa tema ng taon, mag-isip ng mga paraan na matutulungan nilang magtuon ang kongregasyon sa mga doktrina ng ebanghelyong itinuturo nila.

Habang inihahanda ninyo ang pagtatanghal, tandaan ang sumusunod na mga patnubay:

- Hindi dapat nakawin ng mga pagsasanay ang oras ng klase o pamilya kung hindi kailangan.
- Ang mga visual, costume, at media presentation ay hindi angkop sa sacrament meeting.




**Tip:** *Makakakita kayo ng karagdagang mga sanggunian sa pagtuturo tulad ng mga pahinang kukulayan, kuwento, at aktibidad sa* Kaibigan *at sa* Liahona. *Gamitin ang mga sangguniang ito para maragdagan ang inyong mga aralin.*



### Mga Pagtatanghal sa Sacrament Meeting

*Hindi kailangang pagsalitain sa pagtatanghal ang bawat bata. Maisasali sa mga epektibong pagtatanghal ang mga bata sa iba't ibang paraan.*

## Mga Sangguniang Ginamit sa Buklet na Ito

Ang sumusunod na mga daglat ay ginamit sa buong buklet:

*AAP* — *Aklat ng mga Awit Pambata*

*PWHDT* — *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*

Maraming aralin ang may mga mungkahi sa paggamit ng mga larawan. Makikita ninyo ang mga larawan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* sa Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo, sa mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary, at sa mga magasin ng Simbahan at online sa images.lds.org.

## Kurikulum para sa 2010

### Pangkalahatang Kurikulum

Nursery: *Masdan ang Inyong mga Musmos;* Sunbeams: *Primarya 1;* PAT 4–7: *Primarya 2;* Valiant 8–11: *Primarya 6*

### Pangunahing Kurikulum

Sunbeams: *Primarya 1;* PAT 4–7: *Primarya 2;* Valiant 8–11: *Primarya 4*

Enero

**Awitin: "Ako ay Minamahal Niya"**
**(mga pahina 28–29 ng outline na ito o *Kaibigan*, Okt. 2002, 46–47)**

# Naniniwala Kami sa Diyos Amang Walang Hanggan at sa Kanyang Anak na si Jesucristo

*"Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo"* (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1).

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Humiling ng patnubay sa panalangin at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang inihahanda ninyo ang inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtitibayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo.*

## Linggo 1: Ang Diyos ang Ama ng aking espiritu.

**Tukuyin ang doktrina** *(na nakikita ang isang pakay-aralin):* Magpakita sa mga bata ng ilang iba't ibang guwantes at ituro na magkakaiba ng hitsura ang mga guwantes na ito, tulad ng pagkakaiba ng hitsura natin sa isa't isa. Ipaliwanag na kahit ibang-iba ang hitsura natin, lahat tayo ay may espiritu sa loob ng ating katawan, at ang ating espiritu ang nagbibigay sa atin ng buhay. Para mailarawan ito, magsuot ng guwantes at ikislot ang mga daliri ninyo. Ipaliwanag na ang guwantes ay gaya ng ating katawan at ang kamay ay gaya ng ating espiritu. Sabihin sa mga bata na pakinggan ang sagot sa tanong na "Sino ang Ama ng aking espiritu?" habang binabasa ninyo ang unang dalawang pangungusap ng Malakias 2:10. Isulat sa pisara ang "Ang Diyos ang Ama ng aking espiritu." Sabay-sabay ninyo itong basahin ng mga bata. Ipaliwanag na tayong lahat ay bahagi ng isang malaking pamilya—ang pamilya ng Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awit):* Magpakita ng larawan ng isang pamilya at ipaliwanag na noong ipadala tayo ng Ama sa Langit sa lupa, ipinadala Niya tayo upang mamuhay sa mga pamilya. Ipataas sa mga bata ang kanilang mga daliri para ipakita kung ilan ang tao sa kanilang pamilya. Sabihin sa mga bata na kakanta sila ng isang awiting nagtuturo tungkol sa kanilang pamilya sa langit at kanilang pamilya sa lupa. Palabasin ng kuwarto ang isang bata, at papiliin ang iba pang mga bata ng pagtataguan ng larawan ng pamilya. Pabalikin ang bata at ipahanap ang larawan ng pamilya habang kinakanta ng mga bata ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP*, 2–3). Kapag malayo ang bata sa larawan, paupuin lang ang mga bata; kapag napalapit siya sa larawan, dahan-dahang patayuin ang mga bata. Ulitin sa iba pang mga bata kung may oras pa. Talakayin ang mensahe ng awitin at patotohanan ang kahalagahan ng mga pamilya.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(nakatingin sa salamin):* Pagsalit-salitin ang mga bata sa pagtingin sa salamin. Sabihin sa kanila na tuwing titingin sila sa salamin dapat nilang tandaan na anak ng Diyos ang kanilang nakikita.

**Tip:** *Magplano ng mga paraan upang* matukoy ng *mga bata ang doktrina at tulungan silang* maunawaan *at* maipamuhay *ito. Isipin kung paano ninyo mabibigyan ang mga bata ng mga pagkakataong:*

- *Talakayin ang doktrina.*
- *Basahin ang mga banal na kasulatang nauugnay sa doktrina.*
- *Ilarawan sa isipan ang doktrina.*
- *Kantahin ang mga awiting nauugnay sa doktrina.*
- *Gumawa ng pisikal na aktibidad na nauugnay sa doktrina.*


### Mga Pakay-Aralin


*"Ang mga pakay-aralin ay iniuugnay ang mga alituntuning di-mahawakan sa mga pamilyar na bagay"* (PWHDT, 216). *Ang pakay-araling ito ay tutulong upang maunawaan ng mga bata ang likas na katangian ng kanilang espiritu kaugnay ng kanilang pisikal na katawan.*




## Linggo 2: Si Jesucristo ang Anak ng Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Magpaskil ng tatlong larawan sa pisara: Binibinyagan ni Juan si Jesus, Nagpakita si Cristo sa mga Nephita, at ang Unang Pangitain. Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga banal na kasulatan: Mateo 3:16–17; 3 Nephi 11:6–8; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17. Ipatalakay sa kanilang mga grupo ang banal na kasulatan at sabihing iulat nila sa ibang mga bata (1) ang nangyari, (2) ang sinabi ng Ama sa Langit, at (3) kung ano ang madarama nila kung naroon sila. Ipabasa sa isang bata ang Juan 5:39. Ipaliwanag na magkakaroon tayo ng patotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos kapag binasa natin ang mga banal na kasulatan at nanalangin.










**Tip:** *Sabi ni Elder Dallin H. Oaks, "Kailangan nating higit na gamitin ang ating mga himno para tayo makaayon sa Espiritu ng Panginoon, magkaisa, at tulungang maituro at mapag-aralan ang ating doktrina" (sa Conference Report, Okt. 1994, 13; o* Ensign, *Nob. 1994, 12). Tingnan ang mga tip at aktibidad sa outline na ito para malaman ang iba't ibang paraan na magagamit ninyo ang musika sa oras ng pagbabahagi.*

## Mga Linggo 3 at 4: Mahal ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(paglalaro ng hulaan at pagkanta):* Ipatugtog sa piyanista ang unang dalawang nota ng awiting nagtuturo tungkol sa pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, at pahulaan sa mga bata ang awitin. Magdagdag ng paisa-isang nota hanggang sa tumama ang hula ng mga bata. Kantahin nang sabay-sabay ang awitin at pagkatapos ay talakayin kung ano ang itinuturo nito tungkol sa pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Ilista sa pisara ang mga ideya ng mga bata. Ulitin sa bawat awitin. Gamitin ang sumusunod na mga awitin: "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (*AAP*, 16–17), "Pasasalamat sa Ating Ama" (*AAP*, 15), "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*AAP*, 42–43), at "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP*, 2–3).

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(drowing):* Bigyan ng papel ang bawat bata at pagdrowingin sila ng isang paraang alam nila na mahal sila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Maaari ninyong ituro sa mga bata ang mga ideyang inilista ninyo sa pisara sa aktibidad sa itaas. Pagdikit-dikitin ang mga larawan, at idispley ang mga ito sa isang roller box (tingnan sa *PWHDT*, 235) o ilatag ito na parang scroll. Habang nakamasid ang mga bata, ipagtugtog sa piyanista ang isa sa mga awiting nakalista sa itaas.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagsali sa isang pisikal na aktibidad):* Sumulat ng ilang halimbawa ng mga paraan na ipinapakita ng Ama sa Langit ang Kanyang pagmamahal sa atin at mga paraan na ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya sa magkakaibang papel. Ilagay ang mga papel sa isang lalagyan, at pabunutin nang paisa-isa ang bawat bata. Basahin nang malakas ang bawat isa. Kung ito ay nagpapakita ng pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit, ipataas nang tuwid ang isang kamay ng lahat ng bata. Kung ito ay nagpapakita ng pagmamahal natin sa Ama sa Langit, ipalagay ang kamay nila sa dibdib.



*Gustung-gustong makita ng mga bata ang sarili nilang gawang-sining. Kung gagawa kayo ng roller box, magagamit itong muli sa iba pang mga aralin. Magagawa rin ang aktibidad na ito sa pagdidikit-dikit ng mga larawan para makagawa ng simpleng scroll.*

## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Ako ay Minamahal Niya" (mga pahina 28–29 sa outline na ito), gawin ang sumusunod:

Ipakita ang larawan ng Tagapagligtas na binabasbasan ang mga batang Nephita, at isalaysay sa mga bata ang kuwento sa 3 Nephi 17:11–24 sa sarili ninyong mga salita. Kantahin sa mga bata ang unang linya ng awitin, at samahan ng aksiyon ang mga katagang "n'ong araw" (tulad ng pagtaas ng isang kamay). Sabay-sabay kayong kumanta at umaksiyon ng mga bata. Pag-isipin ang mga bata ng mga aksiyong aakma sa bawat linya ng awitin. Pagkatapos ay sabay-sabay na kumanta at umaksiyon.

# Pebrero

# Si Jesucristo ang Aking Tagapagligtas at Manunubos

**Awitin: "Isinugo, Kanyang Anak"** **(*AAP*, 20–21)**

*"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).*

***Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Mas mauunawaan ng mga bata ang mga doktrina kapag konektado ito sa isang bagay na alam na nila. Kapag sinimulan ninyo ang bawat aralin, repasuhin ang doktrinang itinuro noong nakaraang linggo at ikonekta ito sa mga katotohanang itinuturo sa araw na iyon.*

## Linggo 1: Si Jesucristo ang Aking Tagapagligtas at Manunubos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga larawan at pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Ilagay ang mga larawan ng Huling Hapunan, si Cristo sa Getsemani, ang Pagpapako sa Krus, at ang Pagkabuhay na Mag-uli sa paligid ng kuwarto. Ituro ang mga larawan at sabihin sa mga bata na ito ay mga pangyayari sa huling linggo ng buhay ng Tagapagligtas. Sabihin sa mga bata na babasahin ninyo ang isang banal na kasulatan ukol sa isa sa mga larawan. Tahimik silang pag-isipin kung aling larawan ang tumutugma sa banal na kasulatan. Basahin ang Lucas 22:13–14, 19–20. Patayuin silang lahat at paharapin sa katugmang larawan. Talakayin kung ano ang nangyayari sa larawan. Ulitin sa iba pang mga larawan (Getsemani: Lucas 22:39–44; Pagpapako sa Krus: Lucas 23:33–34, 46; Pagkabuhay na Mag-uli: Juan 20:11–18). Kumanta ng isang awitin tulad ng "Isinugo, Kanyang Anak" (*AAP*, 20–21) o "Aking Ama'y Buhay" (*AAP*, 8). Magpatotoo na namatay si Jesus para sa atin upang makapiling nating muli ang Ama sa Langit.



### Pagkatuto sa Pamamagitan ng Paggalaw

*Lalong matututo at mas matatandaan ng mga bata kapag kasali sila sa pisikal na paggalaw.*

## Mga Linggo 2 at 3: Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsaulo sa isang saligan ng pananampalataya):* Isulat sa pisara ang ikatlong saligan ng pananampalataya at ulitin ninyo ito ng mga bata nang ilang beses. Ipaliwanag nang maikli ang anumang mga salitang hindi maunawaan ng mga bata. (Halimbawa, Pagbabayad-sala ang ginawa ni Jesus para tayo makapagsisi at makabalik sa Diyos.) Burahin ang isa o dalawang salita at bigkasin itong muli nang sabay-sabay. Ulitin para matulungan ang mga bata na maisaulo ito.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsasadula ng isang kuwento):* Ikuwento ang sumusunod at patayuin ang mga bata at isadula ninyo ito. "Naglalakad ang isang lalaki sa lansangan *(lumakad sa kinatatayuan)*. Nahulog siya sa isang malalim na hukay *(maupo)*. Pilit siyang nagsikap pero hindi siya makaahon *(magkunwaring nagsisikap makaahon)*. Humingi

siya ng saklolo *(tahimik na humingi ng saklolo)*. May isa pang lalaking naglalakad sa lansangang iyon. Narinig niyang humingi ng saklolo ang lalaki *(tahimik na huminging muli ng saklolo)*. Naglawit siya ng hagdan sa hukay. Inakyat ng lalaki ang hagdan paahon sa hukay *(magkunwaring umaakyat ng hagdan)*. Naligtas ang lalaki." Talakayin kung ano ang maaaring nadama ng lalaki noong nasa hukay siya at nang masagip siya. Sabihin sa mga bata na kapag nagkakamali o nagkakasala tayo, para tayong nahulog sa malalim na hukay at hindi natin makayang umahong mag-isa. Ipakita ang larawan ni Jesus at sabihin sa mga bata na tulad ng pagtulong ng tao na makaahon ang lalaki mula sa hukay, makakatulong si Jesucristo at maililigtas tayo para muling makapiling ang ating Ama sa Langit.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbasa at pagtalakay sa isang banal na kasulatan):* Ipabasa sa mga bata ang Alma 7:11–12 at ipahanap kung ano ang ginawa ni Jesus para sa atin. Ipabahagi sa ilang bata ang natuklasan nila. Sabihin sa mga bata na nauunawaan ni Jesus kapag tayo ay nasaktan, malungkot, takot, o maysakit. Matutulungan Niya tayong madaig ang mga bagay na ito. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga pahayag:

Nagpapasalamat ako sa Tagapagligtas dahil __________.

Tutulungan ako ng Tagapagligtas na __________.

Ipabahagi sa ilang bata kung paano nila tatapusin ang mga pangungusap na ito, o ipabahagi sa lahat ng bata ang kanilang sagot sa katabi nila.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagrerepaso ng mga kuwento sa mga banal na kasulatan):* Sabihin sa mga bata na maraming kuwento sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga taong pinagpala dahil sa Pagbabayad-sala. Ikuwento ang ilan sa mga ito. Kabilang sa mga posibleng ikuwento ang Nakababatang Alma (tingnan sa Alma 36:5–27), Pablo (tingnan sa Mga Gawa 8:1–3; 9:1–20), at Enos (tingnan sa Enos 1:1–8). Matapos magkuwento, repasuhin ito sa mga bata. Magbato ng nilukot na papel sa isang bata at hilinging banggitin niya ang isang bagay tungkol sa kuwento. Ipabato sa bata ang papel pabalik sa inyo. Magpatuloy hanggang sa mabanggit ng mga bata ang karamihan sa mahahalagang detalye ng kuwento. Ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala.

**Tip:** *Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng paggalaw at aktibidad. Isali sila habang nagkukuwento kayo sa pamamagitan ng pagpapagawa sa kanila ng mga simpleng aksiyon at galaw. Pagkatapos ng isang aktibidad, matutulungan ninyo silang maghanda para sa susunod na sandali ng pagkatuto kung mapitagan ninyong tatapusin ang aktibidad o laro. Halimbawa, dahan-dahang ipakanta sa mga bata ang ilang linya ng isang awitin, o paglayuin ang mga kamay ninyo sa inyong harapan at sabihin sa mga bata na panoorin kayo habang kumakanta sila. Habang pinaglalapit ninyo ang inyong mga kamay, hihinaan nila ang pagkanta. Pasalamatan sila sa kanilang pagpipitagan.*

## Linggo 4: Si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, at mabubuhay rin akong mag-uli.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga larawan at paglalaro ng hulaan):* Hatiin ang mga bata sa mga grupo at bigyan ang bawat grupo ng larawan ng isang pangyayaring nauugnay sa Pagkabuhay na Mag-uli (halimbawa, magagamit ninyo ang mga larawan ng Pagpapako sa Krus, libing ni Cristo, ang libingang walang-laman, si Maria at ang nabuhay na mag-uling Panginoon, at ipinakikita ni Jesus ang Kanyang mga sugat sa Kanyang mga disipulo). Sabihan sila na huwag ipakita sa ibang grupo ang kanilang larawan. Magpabigay sa bawat grupo ng ilang clue para matulungan ang ibang mga bata na mahulaan ang nangyayari sa kanilang larawan. Kapag tama ang hula nila, ipakita ang larawan sa iba pang mga grupo. Ipaliwanag na dahil si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli.



### Gustong makilahok ng mga bata sa pagkatuto.

*Habang nagpaplano ng inyong mga oras ng pagbabahagi, mag-isip ng mga paraan para maisali ang mga bata sa mga aktibidad sa pagkatuto. Halimbawa, kailangan sa aktibidad na ito ang maliit na grupo ng mga bata kaysa isa o dalawang tao lamang.*

## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Isinugo, Kanyang Anak" (*AAP,* 20–21), gawin ang sumusunod:

- Habang kumakanta kayo, ipabilang sa mga bata sa daliri nila kung ilang beses nila kinanta ang mga salitang "Isinugo ang Kanyang Anak" o patayuin sila kapag kinanta nila ang mga tanong at paupuin kapag kinanta nila ang mga sagot.
- Hatiin sa dalawang grupo ang mga bata. Ipakanta sa isang grupo ang mga tanong sa awitin at ipakanta sa isa pang grupo ang mga sagot.

**Marso**

# Nangungusap ang Diyos sa Pamamagitan ng mga Propeta

**Awitin: "Propeta'y Sundin"** (*AAP*, 58–59)

*"[Nangusap siya] sa pamamagitan ng kaniyang mga banal na propeta na nagsilitaw buhat nang unang panahon" (Lucas 1:70).*

***Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Madarama ng mga bata ang Espiritu kapag ibinahagi nila ang kanilang pagkaunawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Maibabahagi nila ang kanilang natutuhan gamit ang kanilang mga salita, sining, at awitin.*

## Linggo 1: Ang mga propeta ay tinawag ng Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsusunud-sunod ng mga salita):* Isulat sa magkakaibang pilas ng papel ang bawat sumusunod na mga salita: Ang mga propeta, ay, tinawag, ng, Diyos. Ibigay ang mga pilas na papel sa limang bata. Iayos ang mga bata sa harap ng Primary na hindi sunud-sunod ang mga salita. Ipaayos sa ibang mga bata ang mga salita sa tamang pagkakasunud-sunod. Sabay-sabay na basahin ang pangungusap.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Maghanda ng mga clue tungkol sa kung paano tinawag ng Diyos sina Moises, Lehi, at Joseph Smith. Halimbawa, ang mga clue tungkol kay Moises ay maaaring: "Ako ay tinawag ng Diyos nang mangusap Siya sa akin mula sa nagliliyab na palumpong"; "Tinawag ako ng Diyos para isulat ang unang limang aklat ng Biblia"; at "Tinawag ako ng Diyos para akayin ang Kanyang mga tao palabas ng Egipto." Pumili ng tatlong batang kakatawan sa mga propetang ito, at ipabigay sa kanila ang mga clue sa Primary. Ipataas sa mga bata ang kanilang kamay kung inaakala nilang alam nila kung sino ang propeta. Sabay-sabay na ipabigkas ang sagot sa mga bata. Kapag natukoy na nila ang bawat propeta, basahin ang banal na kasulatan tungkol sa propetang iyon (Moises: Exodo 3:4–5; Lehi: 1 Nephi 1:5–6; Joseph Smith: Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17). Ituro na si Moises ay tinawag ng Diyos, si Lehi ay tinawag ng Diyos, at si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos. Sabihin sa mga bata na lahat ng propeta ay tinawag ng Diyos.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay at pagsasadula ng mga ideya):* Itanong sa mga bata, "Sino ang ating propeta ngayon?" Magpakita ng larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan. Ipaliwanag na siya ay tinawag ng Diyos. Ipatalakay sa mga bata sa mga grupo kung paano nila masusunod ang kasalukuyang propeta. Papuntahin sa harapan ang isang bata mula sa bawat klase at ipaakto ang isang bagay na tinalakay nila sa kanilang grupo. Pahulaan sa ibang mga bata kung ano ang kanyang ginagawa. Ipabahagi sa bata kung paano pagpapalain ang kanyang buhay sa pagsunod sa propeta sa ganitong paraan.

## Linggo 2: Ang mga propeta ay nagpapatotoo kay Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga larawan at pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Bago ang oras ng pagbabahagi, ilagay ang larawan ni Jesucristo sa pisara at takpan ito ng mga larawan ng sumusunod na mga propeta: Isaias, Juan

### Pagtukoy sa mga Doktrina

*Kapag nagsasagawa kayo ng aktibidad, malinaw na tukuyin ang doktrinang inyong itinuturo. Nakakatulong ito upang maunawaan at higit itong maipamuhay ng mga bata.*

***Magklik dito para sa mga wordstrip.***



Bautista, Nephi, at Joseph Smith. Mag-atas ng isa sa sumusunod na mga banal na kasulatan sa bawat klase: Isaias 9:6; Marcos 1:6–8; 2 Nephi 25:26; Doktrina at mga Tipan 76:20–24. Ipabasa sa mga bata ang banal na kasulatan sa kanilang klase at ipatukoy kung sinong propeta ang nagpapatotoo at kung ano ang patotoo nito tungkol kay Jesucristo. Ipaturo sa isang klase ang larawan ng propetang binasa nila at ipabahagi sa Primary kung ano ang kanilang natutuhan. Alisin ang larawan ng propeta sa pisara. Ulitin sa tatlo pang natitirang propeta. Ituro ang larawan ni Cristo at sabihin sa mga bata na lahat ng propeta ay nagpapatotoo kay Jesucristo.

## Linggo 3: May kaligtasan sa pagsunod sa propeta.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsali sa isang pisikal na aktibidad):* Ipakita ang larawan ni Moises, at ipaliwanag na si Moises ang propetang nag-akay sa kanyang mga tao tungo sa kaligtasan. Ipaliwanag na ang mga Israelita ay alipin ng Faraon, ang hari ng Egipto, at sinabi ng Panginoon kay Moises na akayin ang mga ito palabas ng Egipto (tingnan sa Exodo 3:10). Isalaysay ang kuwento mula sa Exodo 14, at isadula ninyo ito ng mga bata. Halimbawa: "Sinundan ng mga tao si Moises patawid sa disyerto *(lumakad sa kinatatayuan)*. Nakarating sila sa dagat *(paalunin ang mga kamay)*. Lumingon ang mga tao *(magsilingon)* at nakitang sinusundan sila ng Faraon at ng hukbo nito *(gumawa ng yabag ng tumatakbong mga kabayo sa pamamagitan ng paghampas ng mga palad sa binti)*. Natakot sila *(magpakita ng takot)*." Basahin ang Exodo 14:13, pagkatapos ay ituloy ang kuwento. "Sinabihan ng Panginoon si Moises na itaas ang kanyang tungkod *(magkunwaring nagtataas ng tungkod)*, at nahati ang dagat *(idipa ang mga kamay)*. Ligtas na sumunod ang mga tao kay Moises sa dagat sa tuyong lupa papunta sa kabilang pampang *(lumakad sa kinatatayuan)*. Nang tangkain ng hukbo ng Faraon na sundan sila, pinadipa ng Panginoon si Moises, at muling nagdugtong ang mga tubig ng dagat *(pagdaupin ang mga kamay)*. Nalunod sa dagat ang hukbo ng Faraon. Nakaligtas ang mga tao dahil sinunod nila ang propeta."



### Ano ang *gagawin* ng mga bata para matuto?

*Ang pagtatanong nito habang inihahanda ninyo ang mga aktibidad ay tutulong sa mga bata na matuto sa pamamagitan ng pagsali. Halimbawa, sa larawang ito iniaakto ng mga bata ang kuwentong hinahati ni Moises ang Dagat na Pula.*

## Linggo 4: Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta.

Repasuhin ang mga doktrinang natutuhan ng mga bata ngayong buwan sa oras ng pagbabahagi. Halimbawa, maaari ninyong:

- Ulitin o palawakin ang ilan sa mga aktibidad na ginawa sa nakaraang mga oras ng pagbabahagi.
- Ipakita sa mga bata ang larawan ng propeta ngayon at sabihing, "Kung alam ninyo kung sino ito, magtaas ng kamay." Ipabulong sa mga bata ang pangalan ng propeta sa kanyang katabi. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang nadarama tungkol sa propeta.
- Kantahin ang koro ng "Propeta'y Sundin" (*AAP*, 58–59) habang iniaakto ng mga bata ang mga bagay na gagawin nila para sundin ang propeta.



**Tip:** *Ang pagpapabasa sa mga bata mula sa sarili nilang mga banal na kasulatan ay nagpapatibay sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan at naganyaya sa Espiritu. Kung maaari, hanapin ninyo ng mga bata ang kahit isa lang sa mga reperensya. Matutulungan ninyo ang mga bata na makita ang reperensya sa pamamagitan ng pagbibigay ng pahina at pagturo sa talata sa inyong mga banal na kasulatan. Sabay-sabay na basahin nang malakas ang talata.*

**Tip:** *Ngayong buwan nagamit ninyo ang sumusunod na mga pamamaraan sa pagtuturo: pagsusunud-sunod ng mga salita, pagbasa sa mga banal na kasulatan, pagtalakay at pagsasadula ng mga ideya, pagtingin sa mga larawan, pagsali sa pisikal na aktibidad, at pagrerepaso sa nakaraang mga aktibidad. Humanap ng mga paraan na magagamit ninyo ang mga pamamaraang ito sa iba pang mga aralin.*

**Abril**

**Awitin: "Ang Simbahan ni Jesucristo"** (*AAP*, 48)

# Ipinanumbalik ni Jesucristo ang Kabuuan ng Ebanghelyo sa Pamamagitan ni Joseph Smith

*"Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Sa paghahati sa mga grupo mas maraming bata ang makakasali. Isaalang-alang ang laki ng inyong Primary at kung ilang grupo ang kakailanganin para maisali sa aktibidad ang lahat ng bata (tingnan sa linggo 1).*

## Linggo 1: Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Sabihin sa mga bata na itinatag ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan noong nabubuhay Siya sa lupa. Ngayon ay tinatawag natin ang simbahang iyon na "Sinaunang Simbahan." Ipaliwanag na hindi pa natatagalan pagkamatay ni Jesus, binawi ang Kanyang ebanghelyo sa lupa, at makalipas ang maraming taon ay ipinanumbalik Niya ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith. Maghanda ng apat na wordstrip, na bawat isa ay may isa sa sumusunod na mga pangungusap:


1. Nabasa ni Joseph Smith sa Biblia, "Kung nagkukulang ________ ________ ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos." (Joseph Smith—Kasaysayan 1:11)
2. Nagtungo si Joseph Smith sa ________ upang ________. (Joseph Smith—Kasaysayan 1:14)
3. Nakakita si Joseph ng isang haligi ng ________ sa kanyang ulunan. (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16)
4. Itinuro ng Ama sa Langit si Jesucristo at sinabi, "Ito ang Aking ________ ________." (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17)

Hatiin sa apat na grupo ang mga bata, at bigyan ng wordstrip ang bawat grupo. Ipabasa sa kanila ang banal na kasulatan para makita ang nawawalang mga salita. Ipabulong sa kanila ang sagot sa isa't isa sa halip na isulat ito sa mga puwang sa papel. Ipapasa sa mga bata ang kanilang wordstrip sa ibang grupo, at ulitin hanggang sa matagpuan ng bawat grupo ang lahat ng sagot. (Mga sagot: 1. sa karunungan; 2. kakahuyan, manalangin; 3. liwanag; 4. Pinakamamahal na Anak)

**Maghikayat ng pag-unawa:** Gumamit ng mga aktibidad, visual, at finger puppet mula sa manwal ng nursery na, *Masdan ang Inyong mga Musmos,* para matulungan ang mga bata na maunawaan na nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith (tingnan sa mga pahina 89–91).

## Linggo 2: Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa at pagtalakay sa isang banal na kasulatan):* Isulat sa pisara ang *kapangyarihan ng Diyos* gamit ang isang





code (halimbawa, mapapalitan ninyo ng simbolo ang bawat titik). Itanong kung may makakabasa sa mensahe. Isulat sa pisara ang isang susing nagpapakita kung aling mga titik ang pinalitan ng mga simbolo, at pagawin sa mga grupo ang mga bata para matuklasan ang mensahe. (Paalalahanan ang mga bata na huwag isigaw ang sagot.) Basahin nang sabay-sabay ang kataga. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:29. Ipaliwanag na hindi mabasa ni Joseph Smith ang nakasulat sa mga laminang ginto nang walang tulong ng Panginoon. Ipabahagi sa mga bata ang alam nila kung paano naisalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon. Ipabahagi sa ilang bata kung ano ang nadarama nila tungkol sa Aklat ni Mormon.

## Pagtukoy sa mga Doktrina

*Malinaw na tukuyin ang doktrinang itinuturo ninyo. Nakakatulong ito para maunawaan at higit itong maipamuhay ng mga bata. Mag-isip ng mga paraan para makita ng mga bata ang mga salita ng doktrina at maisaulo ang mga ito.*

## Mga Linggo 3 at 4: Ipinanumbalik ni Jesucristo ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith.


**Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa** *(pagbuo ng puzzle):* Ipaalala sa mga bata na hindi pa natatagalan pagkamatay ni Jesus, binawi ang Kanyang ebanghelyo sa lupa at kalaunan ay ipinanumbalik Niya ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith. Ipaliwanag na ang kahulugan ng ipanumbalik ay muling buuin. Magdrowing ng simpleng larawan ng isang simbahan na may etiketang tulad ng makikita (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:20; 4:11–13). Ipaliwanag na noong nasa daigdig si Cristo itinatag Niya ang Kanyang Simbahan. Gupitin nang maliliit ang larawan habang itinuturo sa kanila ang Apostasiya. Ipabuo (ipabalik) sa mga bata ang larawan habang nakikinig sila sa pagtugtog ng piyanista ng "Nang Minsan ay Tagsibol" (*AAP*, 57). Kantahin nang sabay-sabay ang ikatlong linya.




*Gumamit ng drowing na katulad ng isang ito sa aktibidad. Kung malaki ang Primary ninyo, ipakumpleto sa mga bata ang aktibidad na ito sa maliliit na grupo.*

**Magklik dito para sa drowing.**

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita):* Papuntahin sa Primary ang ilang miyembro ng ward at ipaganap sa kanila ang mga taong kasali sa Panunumbalik (tulad ni Joseph Smith [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–20], ang anghel na si Moroni [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–35, 42–49], ang Tatlong Saksi [tingnan sa "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi"], o si Juan Bautista [tingnan sa D at T 13]). Maaari silang magsuot ng mga simpleng costume. Hatiin sa mga grupo ang mga bata. Ipasabi sa mga bisita kung sino sila at ipasabi sa mga bata kung ano ang alam nila tungkol sa mga taong ito. Ipabahagi sa mga bisita ang kanilang patotoo tungkol sa mga taong ginagampanan nila.



**Tip:** *Hindi dapat gumanap bilang Ama sa Langit at Jesucristo sa pagsasadula.*

## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Ang Simbahan ni Jesucristo" (*AAP*, 48), gawin ang sumusunod:

- Patayuin ang mga bata kung kabilang sila sa isang pamilya. Ulitin sa iba pang mga grupong maaaring kabilangan nila, tulad ng isang team, samahan, at simbahan. Ipapaliwanag sa mga bata kung ano ang kahulugan ng *pagiging kabilang* (na kayo ay mahalagang bahagi ng isang samahan). Simulang ituro ang awitin sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan ni Jesucristo at sabayang ipabasa sa mga bata ang Doktrina at mga Tipan 115:4.
- Ituro ang bawat kataga ng awitin at sabihan ang mga bata na pakinggan ang sagot sa isang tanong habang kinakanta ninyo sa kanila ang kataga. (Halimbawa: Ano ang kinabibilangan ko? Anong dalawang bagay ang alam ko? Paano ko Siya susundin?) Pagkatapos ay kantahin ninyo ng mga bata ang kataga. Magpatuloy hanggang sa matutuhan ng mga bata ang buong awitin.
- Hatiin ang Primary sa dalawang grupo at ipakanta sa unang grupo ang unang dalawang salita lamang ng bawat kataga (*Ako ay kabilang, Nalalaman ko,* at kung anu-ano pa), at ipakumpleto ang kataga sa kabilang grupo. Pagpalitin ang grupo at ulitin.



**Tip:** *Isama ang mga awitin sa Primary sa inyong pagtuturo. Tutulungan nito ang mga bata na matandaan ang naituro sa kanila. "Napakabilis nating makadama at matuto sa pamamagitan ng musika . . . ilang espirituwal na bagay na napakabagal nating matutuhan kung hindi dahil dito" (Boyd K. Packer, sa* PWHDT, *56).*

**Mayo**

# Inaakay Ako ng mga Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo kay Jesucristo

**Awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***


*“Naniniwala kami na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo”* (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”***

**Tip:** *Ang pag-iimbita sa mga bata na magbahagi sa maliliit na grupo ay nagbibigay ng pagkakataon upang mas maraming bata ang makasali. Sa oras ng pagbabahagi, nakaupo na sa mga grupo ang mga bata sa klase. Ang mga grupong ito ay maaaring magamit para sa mga aktibidad sa maliliit na grupo. Makakatulong ang mga guro sa klase na matiyak na mayroong partisipasyon at mananatili ang pagpipitagan.*

## Linggo 1: Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag sumusunod ako.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagkatuto ng isang saligan ng pananampalataya):* Ilagay ang larawan ni Jesucristo sa pisara. Magdrowing ng hagdan na may apat na baitang paakyat sa larawan. Sabay-sabay na sabihin ang ikaapat na saligan ng pananampalataya, at ipabanggit sa mga bata ang mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo habang isinusulat ninyo ito sa angkop na mga baitang. Magbilang sa mga daliri habang sinasambit ninyo ang bawat alituntunin at ordenansa. Mag-isip ng mga paraan para matulungan ang mga bata na maisaulo ang ikaapat na saligan ng pananampalataya.




### Gamitin ang Pisara

*Ang pisara ay maaaring maging mabisang kasangkapan sa pagtuturo. Gumamit ng mga simpleng iginuhit na drowing para makatulong sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo.*

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin ang “Pananalig” (*AAP*, 50–51). Gumawa ng wordstrip para sa bawat pangungusap sa ikalawang talata. Hatiin sa apat na grupo ang mga bata at bigyan ng wordstrip ang bawat grupo. Patayuin ang bawat grupo at ipakanta ang kanilang linya sa angkop na lugar sa awitin. Hayaang magpalitan ng mga wordstrip ang mga grupo, at ulitin hanggang sa makanta ng bawat grupo ang bawat linya. Ipaakto sa mga bata ang mga paraan na makakasunod sila. (Magagawa ito sa mga grupo nila o sa buong Primary.) Magbahagi sa mga bata ng karanasan na nagpalakas sa inyong pananampalataya kay Jesucristo.

## Linggo 2: Maaari akong magsisi.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga pinag-aaralang sitwasyon):* Ipaliwanag na dahil kay Jesucristo, kapag nagkamali tayo ay maaari tayong magsisi, na ibig sabihin ay ititigil natin ang pagkakasala at babaling sa Diyos. Ipaliwanag na kasama sa pagsisisi ang kalungkutan, paghingi ng tawad, pagtatama sa maling ginawa, at hindi na pag-ulit sa kasalanan. Talakayin nang maikli ang mga hakbang na ito, na binibigyang-diin kung paano tayo matutulungan ng Tagapagligtas. Hatiin sa mga grupo ang mga bata at bigyan ng isang pinag-aaralang sitwasyon ang bawat grupo. Ipabasa sa kanila ang pinag-aaralang sitwasyon at talakayin kung ano ang gagawin nila para makapagsisi. Halimbawa, nagalit ang isang tao at sinaktan ang kanyang kapatid. Ano ang dapat niyang gawin? Magpasalamat para sa pagkakataong ibinigay sa atin ni Jesucristo na magsisi.

## Linggo 3: Kapag ako ay bininyagan nakikipagtipan ako sa Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pag-alam sa mga pangako):* Para maipamalas kung ano ang isang pangako, papuntahin sa harapan ang dalawang bata. Ipasabi sa unang bata, "Nangangako akong ______ (pahihiramin kita ng libro) kung nangangako kang ______ (ibabalik ito)." Sabihin sa ikalawang bata na pumayag at magkapit-kamay sila ng unang bata. Ipaliwanag na ang isang tipan ay pagpapalitan ng pangako sa pagitan natin at ng Diyos. Isulat sa isang panig ng pisara ang "Nangangako ang Diyos" at sa kabilang panig naman ang "Nangangako Tayo." Ipaliwanag na kapag tayo ay bininyagan nangangako tayo sa Diyos at nangangako Siya sa atin.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng mga awitin):* Maagang maghanda ng magkakahiwalay na piraso ng papel na may sumusunod na mga pangako at awitin: Taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo ("Ang Simbahan ni Jesucristo" [*AAP,* 48]); Lagi Siyang alalahanin ("Aking Ama'y Buhay" [*AAP,* 8]); Sundin ang mga kautusan ("Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin" [*AAP,* 68–69]); Mapasaatin ang Kanyang Espiritu ("Ang Espiritu Santo" [*AAP,* 56]); Makapiling Siyang muli ("Ako ay Anak ng Diyos," talata 3 [*AAP,* 2–3]). Ilagay ang mga piraso ng papel sa isang lalagyan. Pabunutin ng isang papel ang isang bata at ipabasa ang pangako. Itanong sa mga bata, "Sino ang nangangako, ang Diyos o tayo?" Isulat ang pangako sa pisara sa ilalim ng tamang pamagat. Ipakanta sa mga bata ang awitin at ipapasa ang lalagyan hanggang sa matapos ang awitin. Pabunutin ng isa pang papel ang batang may hawak ng lalagyan kapag natapos ang awitin. Ulitin sa bawat isa sa mga awitin. Repasuhin ang mga pangako at patotohanan ang kahalagahan ng tipan sa binyag.







### Mga Bata bilang mga Visual

*Sa paggamit sa mga bata para ipakita ang paksa ng aralin ay maaagaw ninyo ang kanilang pansin at maihahanda sila para matuto. Halimbawa, ang oras ng pagbabahaging ito ay nagsisimula sa mga batang nagpapakita ng konsepto ng isang pangako.*

## Linggo 4: Kapag ako ay kinumpirma tinatanggap ko ang kaloob na Espiritu Santo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtingin sa isang larawan at pagkanta ng isang awitin):* Ipakita ang larawan ng isang batang kinukumpirma at itanong sa mga bata kung ano ang nangyayari. Itanong, "Ano ang kaloob na Espiritu Santo?" Bigyang-diin na ang kaloob na Espiritu Santo ay ang karapatang makasama palagi ang Espiritu Santo. Kantahin ang "Ang Espiritu Santo" (*AAP,* 56).

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtatanong):* Anyayahan sa Primary ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood. Bigyan ang ilang bata ng mga itatanong sa kanya, tulad ng: Anong priesthood ang taglay ninyo? Paano ninyo natanggap ang priesthood? Paano ninyo kinukumpirmang miyembro ng Simbahan ang isang tao? Ano ang ibig sabihin ng "pagpapatong ng mga kamay"? Ano ang ibig sabihin ng "tanggapin ang Espiritu Santo"? Paano ako matutulungan ng Espiritu Santo? Ipabahagi sa mga bata ang kanilang mga karanasan kung paano sila natulungan ng Espiritu Santo.

**Tip:** *Kapag nagbabahagi ng kanilang damdamin ang mga bata tungkol sa ebanghelyo, naaanyayahan nito ang Espiritu. Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang damdamin ng kapayapaan at pagmamahal na nadarama nila ay nagmumula sa Espiritu Santo. Ang oras ng pagbabahagi sa ika-4 na linggo ay dapat ituon sa pagbabahagi ng mga bata kung paano sila natulungan ng Espiritu Santo. Tiyaking lilikha kayo ng mapitagang kapaligiran para mangyari ito.*

**Hunyo**

# Ang Espiritu Santo ay Nagpapatotoo sa Katotohanan ng Lahat ng Bagay

**Awitin: "Ang Espiritu Santo"** (*AAP*, 56)

*"Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay"* (Moroni 10:5).

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Mahalagang matutuhan ng mga bata ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan. Tulungang magtuon ng pansin at makinig ang mga bata kapag binabasa ang mga banal na kasulatan. Kahit mga batambata ay maaaring makinig sa isa o dalawang salita habang binabasa ninyo ang isang talata.*

## Linggo 1: Ang Espiritu Santo ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsaulo ng isang saligan ng pananampalataya):* Tulungan ang mga bata na maisaulo ang unang saligan ng pananampalataya sa pamamagitan ng paghahati sa kanila sa tatlong grupo. Ituro ang isang grupo at ipasabi sa kanilang, "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan." Ituro ang isa pang grupo at ipabigkas sa kanila, "At sa Kanyang Anak, na si Jesucristo." Ituro ang pangatlong grupo at ipabigkas sa kanila, "At sa Espiritu Santo." Ulitin, na binibigyan ng pagkakataon ang bawat grupo na bigkasin ang bawat kataga. (Maaari ninyong ipataas sa mga batang nakababata ang mga daliri para sa bawat kataga.) Ipaliwanag na ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ang tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Sabihin sa mga bata na ang Espiritu Santo ay isang espiritu, walang katawan na may laman at mga buto.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan at pagbabahagi ng mga karanasan):* Pabuksan sa mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan at sabayang basahin ang Doktrina at mga Tipan 130:22. Sabihin sa kanila na pakinggan kung bakit walang katawan ang Espiritu Santo. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 8:2. Ipaturo sa mga bata ang kanilang ulo kapag sinabi ninyong "isipan" at sa kanilang puso kapag sinabi ninyong "puso." Magbahagi ng mga halimbawa kung paano maaaring mangusap ang Espiritu Santo sa inyong puso't isipan (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22). Ipabahagi sa mga bata ang mga panahong nadama nila ang impluwensya ng Espiritu Santo.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga tungkulin ng Espiritu Santo):* Hatiin sa limang grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga repensya sa banal na kasulatan, at ipatukoy sa kanila kung paano tayo tinutulungan ng Espiritu Santo: Juan 14:26 (umaalo at nagtuturo); 2 Nephi 32:5 (sinasabi sa atin kung ano ang dapat nating gawin); Mosias 5:2 (binabago ang ating puso); Moroni 8:26 (pinupuspos tayo ng pag-asa at pagmamahal); Doktrina at mga Tipan 20:27 (nagpapatotoo kay Cristo). Anyayahan ang bawat grupo na sabihin sa iba pang mga bata sa Primary ang kanilang natutuhan.

## Linggo 2: Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa marahan at banayad na tinig.


**Tukuyin ang doktrina** *(pagkatutong makinig):* Sa mahinang tinig sabihing, "Lahat ng nakakarinig sa akin, ilagay sa ilong ang daliri ninyo. Lahat ng nakakarinig sa akin, ipatong sa ulo ang kamay ninyo." Magpatuloy, na binabanggit ang iba pang mga bahagi ng katawan, hanggang sa makinig sa mahinang tinig ninyo ang lahat ng bata. Maaari kayong magtapos sa pagsasabi sa kanila na ihalukipkip ang kanilang mga kamay. Ituro na kahit mahina kayong magsalita, kapag nakinig ang mga bata, maririnig nila ang inyong tinig at susundin ang inyong mga bilin. Ipaliwanag na ang Espiritu Santo ay nangungusap sa mahina o marahan at banayad na tinig.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsali sa pisikal na aktibidad):* Piringan ang isang bata at akayin siya sa ibang lugar sa loob ng kuwarto. Sabihin sa bata, "Kung magtitiwala ka at makikinig sa akin, gagabayan kita pabalik sa upuan mo." Sa mahinang tinig bigyan ng direksyon ang bata para ligtas na makabalik sa kanyang upuan. Itanong, "Paano ito natutulad sa paraan ng paggabay sa atin ng Espiritu Santo?" Ipakita kung paano maitutulad ang Espiritu Santo sa Liahona sa pagkukuwento ng pagkabali ng busog ni Nephi (tingnan sa 1 Nephi 16:18–32). Gumamit ng mga aksiyon ayon sa ipinakita sa iba pang mga aralin sa outline na ito (tingnan sa Marso, linggo 3, o Agosto, linggo 4). Ipaliwanag na tulad ng paggabay ng Liahona sa mga tao ayon sa kanilang pananampalataya at kasigasigan, gagabayan tayo ng Espiritu Santo ayon sa ating kabutihan kapag pinakinggan natin ang Kanyang tinig.

## Linggo 3: Maaari tayong gabayan at protektahan ng Espiritu Santo.


**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga kuwento):* Anyayahan ang ilang miyembro ng ward na magkuwento kung paano tayo ginagabayan o pinoprotektahan ng Espiritu Santo. Maaari silang magbahagi ng personal na karanasan o magkuwento mula sa mga banal na kasulatan o kasaysayan ng Simbahan (halimbawa, tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* [2004], 50–51). Hatiin sa mga grupo ang mga bata at paikutin ang mga grupo o ang mga tagakuwento hanggang sa marinig ng bawat grupo ang lahat ng kuwento. Ipahimig sa mga bata ang "Ang Espiritu Santo" (*AAP*, 56) habang umiikot sila sa mga tagakuwento.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(aktibidad sa pisara):* Hatiin ang pisara sa dalawang hanay. Isulat ang "Mahahalagang Desisyon" sa itaas ng unang hanay at "Anyayahan ang Espiritu Santo" sa itaas ng kabilang hanay. Ipalista sa mga bata sa unang hanay ang mahahalagang desisyong gagawin nila habang sila ay nabubuhay. Pagkatapos ay ipalista sa kanila sa ikalawang hanay ang gagawin nila para maanyayahan ang Espiritu Santo sa kanilang buhay upang matulungan sila sa paggawa ng mga desisyong ito.




### Gamitin ang Pisara

*Ang mga pisara ay mabibisang kasangkapan sa pagtuturo. Magagamit ang mga ito para batiin ang mga bata, magtanong, tukuyin ang doktrina, magtala ng mga ideya, at maglarawan ng mga kuwento o konsepto (tingnan sa* PWHDT, *215–16).*



**Tip:** *Ang isang paraan para maanyayahan ang Espiritu ay bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ibahagi kung ano ang gagawin nila para maipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Isipin kung paano ninyo sila mabibigyan ng ganitong mga pagkakataon sa bawat aralin sa oras ng pagbabahagi.*

## Linggo 4: Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman natin ang katotohanan ng lahat ng bagay.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(paglalaro at pagbabahagi ng mga karanasan):* Sabayang basahin ang Moroni 10:5, at magpatotoo na tutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman ang katotohanan. Sabihin sa mga bata na kung minsan ay magkakaroon sila ng mainit at mapayapang damdamin habang nasa simbahan, habang gumagawa ng kabaitan, o habang nagdarasal sila at binabasa ang mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na ang payapang damdaming ito ay ang Espiritu Santo na ipinaaalam sa kanila na ang mga bagay na ito ay totoo at tama. Hatiin sa mga grupo ang mga bata sa klase, at ipagawa sa bawat grupo ang isa sa sumusunod na mga aktibidad: (1) Maglaro ng cube game mula sa manwal ng nursery na, *Masdan ang Inyong mga Musmos* (tingnan sa mga pahina 29, 31). (2) Magpabahagi ng mga karanasan kung paano sila natulungan ng Espiritu Santo. (Maaari ninyong anyayahan ang isang guro sa bawat grupo na siya muna ang magbahagi ng karanasan.)




### Pag-aakma ng mga Aralin

*Iakma ang mga aralin sa edad ng mga bata. Gumamit ng mga ideya at aktibidad mula sa iba pang inaprubahang mga materyal ng Simbahan, tulad ng manwal sa nursery at mga magasin ng Simbahan.*

Hulyo

**Awitin: "Magsisunod Kayo sa Akin"**
**(*Mga Himno*, blg. 67)**

**Tip:** *Dahil sa mga paggalaw sa Primary ang mga bata ay nananatiling aktibo at nakikinig na mabuti. Iakma ang mga aktibidad sa laki ng inyong Primary. Halimbawa, maaaring kailangan ng isang malaking Primary na lumakad sa kanilang kinatatayuan sa halip na maglakad papunta sa mga larawan sa ika-2 linggo.*



**Tip:** *Mas matututo ang mga bata kapag iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ang ginamit. Halimbawa, sa ika-2 linggo, tutukuyin ng mga bata ang doktrina, titingnan ang mga larawan, at gagawa ng pisikal na aktibidad na nauugnay sa doktrina.*

# Masusundan Ko ang Halimbawa ni Jesucristo

*Sabi ni Jesus, "Pumarito ka, sumunod ka sa akin" (Lucas 18:22).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

## Linggo 1: Sinunod ni Jesucristo ang Ama sa Langit sa tuwina.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Maghanda ng limang papel na may isa sa sumusunod na mga salita sa isang panig at ang katugmang reperensya sa banal na kasulatan sa kabila: *Hindi* (Moises 4:2); *ang aking kalooban* (Lucas 22:42); *kundi* (3 Nephi 27:13); *ang inyo* (Juan 6:38); *ang mangyari* (Juan 4:34). Hatiin sa limang grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga piraso ng papel. Ipaliwanag na lahat ng banal na kasulatang ito ay iisa ang mensahe kung paano namuhay si Jesucristo. Anyayahan ang mga guro na tulungan ang mga bata na maunawaan ang mensahe ng kanilang banal na kasulatan. Ipaulat sa bawat grupo ang kanilang natutuhan habang inilalagay sa pisara ang kanilang papel. Anyayahan sila na tulungan kayo na iayos ang mga salita sa tamang pagkakasunud-sunod at pagkatapos ay sabayang basahin ang pangungusap.




Magklik dito para sa mga wordstrip.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(paggawa ng paper chain):* Hayaang magmungkahi ang mga bata ng mga paraan na masusunod nila ang halimbawa ni Jesucristo sa pagsunod sa mga utos ng Ama sa Langit. Magpasulat o magpadrowing sa bawat bata ng isang ideya sa kapirasong papel. Ikonekta ang mga pilas na papel para makabuo ng paper chain. Ituro na tulad ng paghaba ng paper chain sa bawat pagsunod, lalago rin ang ating pananampalataya tuwing sumusunod tayo.


### Pagtukoy sa mga Doktrina

*Kapag nagsagawa kayo ng aktibidad, malinaw na tukuyin ang doktrinang inyong itinuturo. Nakakatulong ito para maunawaan at higit itong maipamuhay ng mga bata.*

## Linggo 2: Si Jesucristo ay naglibot na gumagawa ng mabuti.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin at pagtalakay sa mga larawan):* Ipakita sa mga bata ang isang pares ng sandalyas na yari sa balat (o isang larawan na nakasuot ng sandalyas si Jesus). Ipaliwanag na si Jesus, na nakasuot ng sapin sa paa na gaya nito, ay naglibot na gumagawa ng mabuti. Isulat sa pisara ang sumusunod: "Naglilibot [siya] na gumagawa ng mabuti, sapagka't sumasa kaniya ang Dios" (tingnan sa Mga Gawa 10:38). Ulitin ninyo ng mga bata ang mga katagang ito. Idispley sa paligid ng kuwarto ang mga larawang nagpapakita ng sumusunod na mga pangyayari: Binabasbasan ni Jesus ang mga bata (tingnan sa 3 Nephi 17:21–24), pinagagaling ni Jesus ang lalaking bulag (tingnan sa Juan 9:1–17), ibinabangon ni Jesus ang anak na dalaga ni Jairo mula sa mga patay (tingnan sa Mateo 9:18–19, 23–25), at pinakakain ni Jesus ang 5,000 (tingnan sa Juan 6:5–14). Sabihan ang mga bata na magkunwaring nagsusuot ng sandalyas, at palakarin sila papunta sa larawan. Anyayahan ang ilang bata na ipaliwanag kung ano ang ginagawa ni Jesus sa larawan. Ipaulit sa kanila ang mga katagang "Naglilibot [siya] na gumagawa ng mabuti, sapagka't sumasa kaniya ang Dios" bago lumakad papunta sa susunod sa larawan. Ulitin sa bawat larawan.

## Mga Linggo 3 at 4: Tinuturuan ako ng halimbawa ni Jesucristo kung paano mamuhay.




**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan at pagkanta ng mga awitin):* Sa pisara sumulat ng dalawang listahan na hindi magkakasunod—isang listahan ng mga banal na kasulatan kung saan nagpapakita si Jesus ng halimbawang susundin natin at isa sa mga awiting nauugnay sa mga banal na kasulatang ito. Hatiin sa mga grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isang larawang nagpapakita ng isa sa mga pangyayari sa mga banal na kasulatang inilista ninyo. Sabihin sa bawat grupo na itugma ang kanilang larawan kapwa sa isang banal na kasulatan at sa isang awitin na nasa pisara. Sabihin sa grupo na isa-isa nilang ipakita ang kanilang larawan, ipaliwanag ang halimbawang ipinakikita ni Jesus, at pangunahan ang iba pa sa Primary sa pagkanta ng awitin. Gamitin ang sumusunod:


- Ang Batang si Jesus sa Templo, Lucas 2:42–49, "Hanapin si Cristo Habang Bata" (*AAP*, 67)
- Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus, Mateo 3:13–17, "Pagbibinyag" (*AAP,* 54–55)
- Dahil Dito Magsiyaon Nga Kayo, Mateo 28:19–20, "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo" (*AAP,* 92–93)
- Pinagagaling ni Jesus ang mga Nephita, 3 Nephi 17:7–9, "Palaging Sasamahan Ka" (*AAP,* 78–79)

Magpatotoo na si Jesucristo ang tanging perpektong halimbawa na susundan natin.





**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa sa isang banal na kasulatan):* Gumupit ng puso mula sa papel at isulat dito ang *Magmahalan*. Ilagay ito sa inyong mga banal na kasulatan sa Juan 13:34. Anyayahan ang isang bata na buklatin ang inyong mga banal na kasulatan para mahanap ang puso. Ipaliwanag na sa banal na kasulatang ito itinuturo ni Jesus kung paano Niya gustong pakitunguhan natin ang iba. Ipahanap sa mga bata ang Juan 13:34 sa sarili nilang mga banal na kasulatan at sabay-sabay itong basahin. Bigyan ang bawat bata ng isang pusong papel na may nakasulat na banal na kasulatan na mailalagay sa sarili nilang mga banal na kasulatan at anyayahan silang ibahagi ang aktibidad na ito sa kanilang pamilya.



**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin at pagbabahagi ng mga kurukuro):* Sabihan ang mga bata na bumuo ng isa o mas marami pang bilog. (Kung walang puwang, paharapin ang isang hanay ng mga bata sa isa pang hanay.) Bigyan ang bawat grupo ng isang pisi na magkatali ang magkabilang dulo, at nakapasok sa isang butones. Habang kinakanta ang "Mahalin ang Bawat Isa" (*AAP,* 74), hayaang iusog ng mga bata sa pisi ang butones. Itigil-tigil ang tugtog at sabihin sa bata (o mga bata) na nakahawak sa butones na magbahagi ng isang paraan na maipapakita nila ang pagmamahal sa iba. Magtapos sa pag-anyaya sa ilang bata na magbahagi ng isang pagkakataon na nagpakita ng pagmamahal sa kanila ang ibang tao.






## Mga tulong para sa music leader

Para matulungan ang mga bata na matutuhan ang "Magsisunod Kayo sa Akin" (*Mga Himno,* blg. 67), gawin ang sumusunod:

- Hikayatin ang mga bata na sundan kayo kapag hinipo ninyo ang inyong ilong, iwinagwag ang inyong mga kamay, at inihalukipkip ito. Sabihin sa kanila na masusundan natin si Jesus sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ginawa Niya. Ipatapik sa kanila sa kabilang palad ang dalawang daliri ng isang kamay sa ritmo ng awitin habang tumutugtog ito.
- Maghanda ng mga bakas ng paa na may nakasulat na mga titik ng awitin. Ipalagay sa mga bata sa pisara ang mga bakas ng paa nang paisa-isa habang kinakanta ninyo at inuulit nila ang bawat linya. Iayos ang mga bakas ng paa papunta sa isang larawan ng Tagapagligtas.




***Magklik dito para sa mga yapak.***

*Maaaring itutok ng mga music leader ang mga bata sa pag-aaral ng doktrina ng awitin habang inuunawa ng mga bata ang mga titik, musika, at visual. Sa susunod na mga linggo, maaaring alisin ng mga bata ang mga bakas ng paa hanggang sa matutuhan nila ang awitin.*

Agosto

# Si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at Siya ay Diyos ng mga Himala

**Awiting pinili ninyo mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata***

*"Sapagkat masdan, ako ang Diyos; at ako ay Diyos ng mga himala; . . . at hindi ako gumagawa sa mga anak ng tao maliban kung ito ay naaayon sa kanilang pananampalataya" (2 Nephi 27:23).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng paggawa. Anyayahan ang mga bata na gumamit ng mga aksiyon sa pagkukuwento. Sanayin ang mga bata sa mga aksiyon bago kayo magkuwento. Tutulutan nitong makinig at magtuon ang mga bata kapag nagsimula na ang kuwento.*

## Linggo 1: Si Jesucristo ay Diyos ng mga himala.

**Tukuyin ang doktrina** *(paglalaro ng hulaan):* Magdrowing ng anim na maiikling linya sa pisara, isa para sa bawat titik ng salitang *himala*. Pahulaan sa mga bata ang salita. Isulat ang unang titik at muling pahulaan sa mga bata ang salita. Isulat ang pangalawang titik at pahulaan sa kanila ang salita. Ulitin sa bawat kasunod na titik hanggang sa mahulaan nila ang salita. Sabihin sa mga bata na ang himala ay isang di-pangkaraniwang pangyayaring dulot ng kapangyarihan ng Diyos. Hatiin sa mga grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isang set ng sumusunod na mga wordstrip: *ang mga himala, ay nagpapakita, na, si Jesucristo, ay, may kapangyarihan, sa ibabaw, ng lupa.* Hayaang guluhin ng bawat grupo ang mga salita. **(Magklik dito para sa mga wordstrip.)**

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga kuwento sa banal na kasulatan):* Sa sarili ninyong mga salita, ibahagi ang kuwento nang payapain ni Jesus ang bagyo (Marcos 4:36–39) at nang punuin ng isda ang mga lambat (Lucas 5:1–11). Anyayahan ang mga bata na gumawa ng mga aksiyon ayon sa mga kuwento (tulad ng paggaya sa hangin at alon sa dagat at paghila sa walang laman at punung-punong mga lambat). Sa bawat kuwento magpatotoo kung paano nito ipinapakita na may kapangyarihan si Jesucristo sa ibabaw ng lupa. Ipatalakay sa mga bata kung paano nakatulong ang mga himalang ito sa mga taong nangangailangan.



## Linggo 2: Mapapagaling ni Jesucristo ang mga maysakit.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Hatiin sa mga grupo ang mga bata. Hilingin sa isang guro sa bawat grupo na basahin o isalaysay ang isang kuwento kung saan pinagagaling ni Jesus ang isang tao, tulad ng dalawang bulag (Mateo 9:27–31), isang may kapansanan (Juan 5:1–9), ang sampung ketongin (Lucas 17:12–19), o ang anak ng taong maharlika (Juan 4:46–53). Anyayahan ang mga bata na magdrowing para mailarawan ang kuwento. Maaari ninyong hilingan ang ilang bata na ibahagi ang kanilang mga larawan at kuwento sa buong Primary. Habang nagkukuwento sila, ipawari sa kanila kung ano ang maaaring nadama ng mga taong pinagaling ni Jesus. Anyayahan ang mga bata na ipakita ang kanilang mga larawan sa kanilang pamilya sa tahanan.




### Paggawa sa Maliliit na Grupo

*Ang paggawa sa maliliit na grupo ay magtutuon sa mas maraming bata sa pag-aaral. Sa oras ng pagbabahagi, nakaupo na sa mga grupo ang mga bata sa klase. Magagamit ang mga grupong ito para sa mga aktibidad sa maliliit na grupo.*

## Linggo 3: Si Jesucristo ay may kapangyarihan laban sa kamatayan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga kuwento sa banal na kasulatan):* Papuntahin sa Primary ang ilang miyembro ng ward at ipasalaysay nang maikli ang sumusunod na mga kuwento na para bang nasaksihan nila ang mga pangyayari: pagbangon ni Lazaro mula sa patay (Juan 11:1–45); pagbangon ng anak na babae ni Jairo mula sa patay (Marcos 5:21–24, 35–43); pagbangon ng anak ng balong babae mula sa patay (Lucas 7:11–16); at ang Pagkabuhay na Mag-uli (Juan 20:1–18). Maaaring magsuot ng mga simpleng costume ang mga miyembro ng ward, tulad ng bandana sa ulo o bata. Hikayatin silang magpatotoo na si Jesucristo ay may kapangyarihan laban sa kamatayan at bawat isa sa atin ay mabubuhay na mag-uli.



## Linggo 4: Ang mga himala ay dumarating sa mga sumasampalataya.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbasa sa isang banal na kasulatan):* Isulat sa pisara ang Doktrina at mga Tipan 63:9: "Subalit, masdan, ang pananampalataya ay hindi dumarating sa pamamagitan ng mga tanda, kundi ang mga tanda ay sumusunod sa yaong sumasampalataya." Ipaliwanag na ang salitang *mga tanda* sa banal na kasulatang ito ay maaari ding mangahulugan ng *mga himala.* Patayuin ang mga bata at sabay-sabay na ipabasa sa kanila nang malakas ang banal na kasulatan. Ituro ang salitang *pananampalataya.* Ipaliwanag na ang mga himala ay hindi laging kagila-gilalas na pangyayari at dapat muna tayong sumampalataya, at saka natin makikita ang mga himala sa ating buhay. Ipaliwanag din na kahit may pananampalataya tayo, dumaranas pa rin tayo ng kalungkutan, sakit, at pagdurusa, ngunit batid ng Diyos ang ating mga pangangailangan at kakalingain tayo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pakikinig sa mga kuwento sa banal na kasulatan):* Ikuwento sa sarili ninyong mga salita ang paghiling ni Moises sa Faraon na hayaang makalabas ang mga tao ng Diyos sa Egipto (Exodo 7–10). Bago simulan ang kuwento, anyayahan ang mga bata na magsanay sa paggawa ng mga tunog o aksiyong akma sa ilan sa mga salot. Halimbawa, maaaring igalaw ng mga bata ang kanilang mga bisig at gumawa ng tunog na parang ilog, magkamot sa buong katawan para sumagisag sa kuto, umunga na parang baka, o dumaing para kumatawan sa mga pigsa. Sabihin sa mga bata na pakinggang mabuti ang inyong pagkukuwento. Sabihin sa kanila na kapag nagtaas kayo ng kamay maaari nilang gawin ang tunog o galaw na kakatawan sa salot na ikinukuwento ninyo, at kapag nagbaba kayo ng kamay dapat silang tumigil. Matapos ikuwento ang bawat salot, sabihin sa mga bata na ayaw pa ring pawalan ng Faraon ang mga tao. Nakita ng Faraon ang maraming himala at tanda, pero ayaw niyang maniwala sa Diyos. Ihambing ang kuwentong ito sa isang halimbawa kung saan nakagawa ng himala ang pananampalataya (halimbawa, si Elias at ang balo ng Sarepta, si Daniel at ang mga leon, ang kapatid ni Jared, o sina Nephi at Lehi sa bilangguan). Kung may oras pa, palikhain ang mga bata ng mga aksiyong akma sa kuwento.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita):* Anyayahan ang isa o dalawang pamilya sa ward na ibahagi kung paano sila napagpala ng mga himala nang sumampalataya na sila kay Jesucristo. (Maagang hilingan ang mga pamilya para may oras silang makapaghanda.) Magpatotoo na kapag sumampalataya tayo, makikita natin ang mga himala sa ating buhay.

**Tip:** *Kapag ibinabahagi ng mga bata sa iba ang natututuhan nila sa Primary, lalago ang kanilang pag-unawa at patotoo sa doktrina. Sa ika-2 linggo hinihikayat silang ibahagi ang natutuhan nila sa bahay. Magbibigay ito ng mga pagkakataon para talakayin ang ebanghelyo sa tahanan at patatatagin nito ang pamilya.*

### Maghikayat ng Pag-unawa

*Kapag inaakto ng mga bata ang mga kuwento sa banal na kasulatan, mas naaalala at nauunawaan nila ang mga ito.*



**Setyembre**

# Sinusunod Ko si Jesucristo Dahil Mahal Ko Siya

*"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos"* (Juan 14:15).

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***


**Tip:** *Ang pagsasaulo ng mga banal na kasulatan ay makakatulong sa mga bata na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo. Ang mga salita ng mga banal na kasulatan ay maaaring mapagkunan ng kapanatagan at patnubay (tingnan sa* PWHDT, *226). Sa linggo 1, tatlong bagay ang tutulong sa mga bata sa pagsaulo ng banal na kasulatan: pag-uulit, maiikling kataga, at mga visual.*

## Mga Linggo 1 at 2: Nagpapakita ako ng pagmamahal kay Jesucristo kapag sinusunod ko ang mga utos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsaulo ng banal na kasulatan):* Para matulungan ang mga bata na maisaulo ang Juan 14:15, magdrowing ng isang puso at ng larawang nagpapakita ng Sampung Utos. Hatiin sa dalawang grupo ang mga bata. Itaas ang larawan ng puso sa harapan ng isang grupo at patayuin sila at ipasabing, "Kung ako'y inyong iniibig." Itaas ang larawan ng Sampung Utos sa harapan ng kabilang grupo at patayuin sila at ipasabing, "Tuparin ninyo ang aking mga utos." Ulitin nang ilang beses. Matututuhan ng nakatatandang mga bata ang unang bahagi ng Juan 14:21 ("Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin") sa gayon ding paraan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pag-akto sa mga utos):* Maghanda ng mga piraso ng papel na may isang utos na nakasulat sa bawat isa (tulad ng basahin ang mga banal na kasulatan, manamit nang disente, at sundin ang Word of Wisdom). Ilagay ang mga papel sa isang lalagyan, at papiliin ang isang bata ng isa at ipaakto kung paano susundin ang utos. Pahulaan sa ibang mga bata ang ginagawa niya. Kantahin ang "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin" (*AAP,* 68–69). Habang kinakanta ninyo ang koro, sabihan ang bata na pamunuan ang iba pang mga bata sa pag-akto kung paano nila susundin ang utos. Anyayahan ang ilang bata na ibahagi kung paano sila pagpapalain ng pagsunod sa utos na ito.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan):* Idispley ang "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" at repasuhin ninyo ng mga bata ang mga pamantayan. Ipaliwanag na ang pagsunod sa mga pamantayang ito ay nagpapakita ng pagmamahal natin kay Jesucristo. Isulat ang bawat isa sa sumusunod na mga reperensya ng banal na kasulatan sa magkakahiwalay na piraso ng papel: Exodo 20:7; Exodo 20:8–10; Exodo 20:12; Juan 13:34–35; Mosias 18:10; at Doktrina at mga Tipan 42:40–41. Hatiin sa mga grupo ang mga bata at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga banal na kasulatan na babasahin nila nang sabay-sabay. Ipatugma sa kanila ang banal na kasulatan sa isa sa mga pamantayan ng ebanghelyo at talakayin kung paano nila maipamumuhay ang pamantayang iyon. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang mga ideya sa iba pang mga bata sa Primary.



Magklik dito para sa mga drowing.



### Pagsasaulo ng mga Banal na Kasulatan

*Ang pagtingin sa mga visual habang binibigkas ang mga banal na kasulatan ay tutulong sa mga bata na magsaulo.*

## Linggo 3: Lumalago ang pagmamahal ko kay Jesucristo kapag nagdarasal ako.



**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa at pagtalakay sa mga banal na kasulatan):* Hatiin sa maliliit na grupo ang mga bata. Ipabasa at ipatalakay sa bawat grupo ang sumusunod na mga banal na kasulatan, na hinahanap kung ano ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa panalangin: 3 Nephi 18:19–20; Doktrina at mga Tipan 19:28, 38; 88:63–64. Bigyang-diin na tinuturuan tayo ng Tagapagligtas na manalangin sa Ama sa Langit sa Kanyang pangalan at na makakatulong ito para madama nating mas malapit tayo sa Kanya.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkukulay ng larawan):* Igawa ng kopya ang bawat bata ng drowing sa pahina 19 ng manwal sa nursery na, *Masdan ang Inyong mga Musmos*. Pakulayan sa mga bata ang drowing at ipauwi ito para maipakita sa kanilang pamilya.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay sa panalangin):* Kumanta ng isang awitin tungkol sa panalangin mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*, tulad ng "Panalangin ng Isang Bata" (*AAP*, 6–7) o "Nakayuko" (*AAP*, 18). Sabihin sa mga bata kung paano lumalago ang inyong pagmamahal sa Panginoon kapag nagdarasal kayo. Sa pisara gumawa ng tsart na may apat na hanay. Sa itaas ng unang hanay, isulat ang *Ating Ama sa Langit.* Sa itaas ng pangalawang hanay, isulat ang *Pasalamatan Siya para sa mga pagpapala.* Sa itaas ng pangatlong hanay, isulat ang *Hilingan Siya ng mga pagpapala.* Sa itaas ng huling hanay, isulat ang *Sa pangalan ni Jesucristo, amen.* Hilingin sa mga bata na ilista sa mga grupo nila sa klase ang ilang pagpapalang pinasasalamatan nila. Pagkatapos ay magpabanggit sa bawat grupo ng isang pagpapalang pinasasalamatan nila habang isinusulat naman ninyo ang pagpapalang iyon sa ika-2 hanay. Susunod ipatalakay sa mga bata sa grupo nila sa klase ang mga pagpapalang mahihiling nila sa Ama sa Langit, at isulat ang mga sagot nila sa ika-3 hanay. Repasuhin ang mga bahagi ng panalangin.

**Tip:** *Planuhin ang inyong mga oras ng pagbabahagi para maisali kapwa ang mga batang nakatatanda at nakababata. Halimbawa, sa linggo 3 mas uubra ang unang aktibidad sa mga batang nakatatanda at ang ikalawang aktibidad sa mga batang nakababata.*



### Mga Aktibidad sa Pagkukulay

*Hindi lahat ng bata ay mahilig magkulay. Ang ilan ay nag-iiwan lang ng isa o dalawang marka sa pahina. Ang layunin ng mga aktibidad sa pagkukulay ay para bigyan ang mga bata ng visual na representasyon ng aralin na mahahawakan at maiuuwi nila.*

## Linggo 4: Lumalago ang pagmamahal ko kay Jesucristo kapag pinag-aaralan ko ang mga banal na kasulatan.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagdodrowing ng mga larawan):* Isalaysay ang kuwento nang pagalingin at basbasan ni Cristo ang mga tao sa 3 Nephi 17:7, 9–12, 20–24, o anyayahan ang nakatatandang mga bata na basahin ito mula sa mga banal na kasulatan. Magpadrowing sa mga bata ng larawan na nagpapakita ng isang bagay mula sa kuwento. Magpatotoo kung paano lumago ang inyong pagmamahal kay Jesucristo nang basahin ninyo ang mga banal na kasulatan.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin at pagtalakay sa mga banal na kasulatan):* Kantahin ang "Hanapin si Cristo Habang Bata" (*AAP*, 67). Sabihin sa mga bata na mas marami silang malalaman tungkol kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagbabasa o pakikinig sa mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay isalaysay ang kuwento sa Marcos 10:13–16 nang basbasan ni Jesus ang mga bata. Magpakita ng larawan ni Jesus na binabasbasan ang mga batang musmos. Sabihin sa mga bata na isipin kung ano kaya ang madarama nila kung naroon sila. Anyayahan ang ilang bata na ibahagi ang kanilang iniisip. Ipaliwanag na mapapalapit sila sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagbabasa tungkol sa Kanya sa mga banal na kasulatan.

**Tip:** *Kapag ibinahagi ng mga bata kung paano nila maipamumuhay ang doktrina, pinagtitibay nito ang mensahe sa kanilang puso at inaanyayahan nito ang Espiritu. Matapos ninyong ituro ang isang doktrina, bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ibahagi kung paano nila ito maipamumuhay.*

Oktubre

# Ang Misyon ng Simbahan ay Anyayahan ang Lahat na Lumapit kay Cristo

*"Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Mas matututo at mas makakatanda ang mga bata kapag naglahad kayo ng mga ideya gamit ang mga larawan at iba pang mga visual (tingnan sa* PWHDT, *232, 239–40). Ang mga bata mismo ay maaaring maging epektibo at kaakit-akit na mga visual. Papuntahin ang isang full-time missionary sa Primary o pagsuutin ang isang bata ng damit ng misyonero sa halip na magdispley ng larawan nito.*



## Linggo 1: Ang pagsunod sa propeta ay tutulong sa atin na lumapit kay Cristo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbasa ng banal na kasulatan at pagtingin sa mga larawan):* Patayuin ang mga bata at sabay-sabay na ipabasa sa kanila nang malakas ang Doktrina at mga Tipan 1:38. Ipaliwanag na ang mga propeta ay mga lingkod ni Jesucristo. Ipakita ang mga larawan ng Tagapagligtas at ng kasalukuyang propeta, at sabihin sa mga bata na kapag sinunod natin ang propeta sinusunod natin si Jesucristo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin ang ika-9 na taludtod ng "Propeta'y Sundin" (*AAP,* 58–59). Hatiin sa mga grupo ang mga bata at papiliin sila ng isa o dalawang bagay na natutuhan nila mula sa buhay na mga propeta at apostol sa oras ng pangkalahatang kumperensya. Ipaakto sa isang grupo ang natutuhan nila. Pahulaan sa iba pang mga bata ang ginagawa nila. Ulitin sa bawat grupo, na kinakanta ang koro ng "Propeta'y Sundin" bago iakto o bago hulaan ng bawat grupo.

## Linggo 2: Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay tumutulong sa iba na mapalapit kay Cristo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan):* Ilagay sa pisara ang retrato ng isang full-time missionary. Sabihin sa mga bata na magbabasa sila ng ilang banal na kasulatan tungkol sa gawaing misyonero. Atasan ang kalahati ng mga bata na basahin ang Mateo 28:19–20 at ipabasa sa natirang kalahati ang Doktrina at mga Tipan 133:37. Ipatukoy sa kanila ang kanilang natututuhan tungkol sa gawaing misyonero mula sa mga banal na kasulatan, at talakayin ito sa buong Primary. Hilingan ang mga bata na may kapamilyang kasalukuyang nasa misyon na ibahagi ang kanilang damdamin tungkol sa gawaing misyonero.




Magklik dito para sa mga wordstrip.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay sa gawaing misyonero):* Patayuin ang mga bata at pakantahin ng "Sana Ako'y Makapagmisyon" (*AAP,* 91). Sabihin sa mga bata na nais ng Ama sa Langit na maipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo at makapaghahanda sila ngayon na maging mga misyonero. Sa isang lalagyan, maglagay ng mga bagay na magpapaalala sa mga bata ng mga paraan na makapaghahanda silang magmisyon, tulad ng mga banal na kasulatan, sapatos na pangsimba, tithing slip, at pusong papel. Papiliin ang isang bata ng isang bagay mula sa lalagyan at ipabahagi kung paano makakatulong ang paggawa nito para makapaghanda sila sa pagiging mga misyonero.

### Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pag-uulit

*Ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng pag-uulit at hamon. Dito inuulit ng mga bata ang banal na kasulatan at hinahamon silang pagsunud-sunurin ang mga salita.*

## Linggo 3: Lumalapit tayo kay Cristo sa pamamagitan ng pagsisisi kapag nagkakamali tayo.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagbasa ng banal na kasulatan):* Maglagay ng larawan ni Jesucristo sa pisara. Tulungan ang mga bata na isaulo ang "Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32). Isulat ang bawat salita ng banal na kasulatan sa magkakahiwalay na papel. Ipaskil sa pisara ang mga papel nang hindi sunud-sunod. Anyayahan ang mga bata na hanapin ang banal na kasulatan at basahin ito kasama kayo. Ipahanap sa isang bata ang unang salita ng banal na kasulatan at isaayos ito sa pisara. Basahin muli ang banal na kasulatan, at anyayahan ang isa pang bata na hanapin ang susunod na salita. Ulitin hanggang sa mapagsunud-sunod ang mga salita. Ipaliwanag sa mga bata na ang ibig sabihin ng lumapit kay Cristo ay sumampalataya sa Kanya, sundin ang Kanyang mga utos, gumawa ng mga tipan, at magsisi kapag nagkakamali tayo.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga pinag-aaralang sitwasyon):* Ipaliwanag na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong magsisi kapag nagkakamali tayo. Gumupit ng apat na bakas ng paa sa papel, at sa bawat bakas isulat ang isa sa mga bahagi ng pagsisisi: (1) malungkot, (2) humingi ng tawad, (3) itama ang mali, at (4) huwag nang ulitin ang pagkakamali. Ilagay ang mga bakas ng paa sa sahig papunta sa isang larawan ni Jesucristo, at pasundan ang mga ito sa ilang bata. Hatiin sa mga grupo ang mga bata at bigyan ang bawat grupo ng pinag-aaralang sitwasyon na nagpapaliwanag ng isang bagay na maaaring pagsisihan ng isang bata. Halimbawa, "Sinuway ng isang bata ang kanyang mga magulang nang sipain niya ang bola sa bahay, at may nabasag siya." Hilinging talakayin nila kung paano nila dapat ipamuhay ang bawat hakbang ng pagsisisi.



[Magklik dito para sa mga yapak.]

### Maghikayat ng Pagsasabuhay

*Natututo ang mga bata kapag ipinakikita nila kung paano nila maipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.*

**Tip:** *Ang mga pinag-aaralang sitwasyon ay hango sa tunay na buhay na nakatutulong sa mga bata na pag-isipan at talakayin kung ano ang magagawa nila sa gayong mga sitwasyon (tingnan sa ika-3 linggo). Makakatulong ang mga pinag-aaralang sitwasyon para ipakita kung paano ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa* PWHDT, *214–15).*

## Linggo 4: Ang gawain sa templo ay tumutulong sa akin at sa pamilya ko na lumapit kay Cristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin):* Ituro ang ikalawang taludtod ng "Templo'y Ibig Makita" (*AAP,* 99). Idispley ang larawan ng isang templo sa likod ng walong piraso ng papel. Sa bawat piraso ng papel, isulat o idrowing ang isa sa mga sumusunod: puso, bukas na pintuan, salitang *tipan,* salitang *susunod,* mga salitang *sagradong pook,* salitang *ibinuklod,* larawan ng isang bata, at larawan ng isang pamilya. Sabihin sa mga bata na mga clue ito sa isang awitin. Anyayahan silang makinig na mabuti habang kinakanta ninyo ang isang linya ng awitin. Sabihin sa kanila kung aling clue ang tumutugma sa linyang iyon, at ipaalis sa isang bata ang papel na iyon. Muli ninyong kantahin ng mga bata ang linya, at ipaliwanag ang kahulugan nito. Maaari ninyong ipagawa sa kanila ang aksiyong nauugnay sa linya. Ulitin sa bawat linya ng awitin. Kapag naalis na ninyo ang takip ng larawan, kantahin ang buong awitin na may kasamang mga aksiyon. Sabihin sa mga bata na maaari na silang maghanda ngayon para maging karapat-dapat na pumunta sa templo paglaki nila at ang paggawa nito ay mas maglalapit sa kanila kay Jesucristo.




[Magklik dito para sa gawang-sining.]



**Tip:** *"Habang nagpapakita tayo ng pagmamahal sa ating mga tinuturuan, lalo silang [at tayong] nagiging handang tumanggap sa Espiritu"* (PWHDT, *39). Mag-ibayo ang pagmamahal ninyo sa mga bata kapag inyong ipinagdasal ang bawat isa sa kanila, inalam ang kanilang mga interes at problema, tinawag sila sa pangalan, at pinakinggan silang mabuti.*

# Kapag Naglilingkod Tayo sa Iba, Naglilingkod Tayo sa Diyos

*“Kapag kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos” (Mosias 2:17).*


***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”***

**Tip:** *Kailangang iakma sa edad ng mga bata ang ilang kuwento sa mga banal na kasulatan. Habang itinuturo ninyo ang kuwento ng mabuting Samaritano sa linggo 1, napakahalagang ipaliwanag na kung nangangailangan o humingi ng tulong ang isang estranghero, dapat munang humingi ng tulong ang bata sa isang pinagkakatiwalaang matanda.*

## Mga Linggo 1 at 2: Tinuruan tayo ni Jesucristo kung paano paglingkuran ang iba.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsali sa pagsasadula):* Sabihin sa mga bata na isang araw tinanong ng isang lalaki si Jesus, “Sino ang aking kapwa-tao?” Sinagot siya ni Jesus sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng kuwento na nagtuturo sa atin kung paano paglingkuran ang iba. Anyayahan ang ilang bata na magsuot ng mga simpleng costume para gumanap sa mga tauhan ng talinghaga ng mabuting Samaritano: isang manlalakbay, ilang magnanakaw, isang saserdote, isang Levita, isang Samaritano, at isang bantay sa bahay-tuluyan. Magkuwento sa sarili ninyong mga salita (tingnan sa Lucas 10:30–37) at pagkatapos ay tulungan ang mga bata na iakto ito. Itanong sa mga bata: “Ano ang itinuturo sa atin ng kuwentong ito tungkol sa kung sino ang ating kapwa? Sino ang dapat nating paglingkuran?” Ituro na ang ating kapwa ay kahit sinong nangangailangan. Ipaliwanag sa mga bata na mapaglilingkuran nila ang kanilang mga kaibigan at kapamilya sa lahat ng oras, pero dapat lang nilang paglingkuran ang mga taong hindi nila kilala kung may kasama silang magulang o isa pang pinagkakatiwalaang matanda. Magpatotoo na mahal ni Jesucristo ang lahat at nais Niyang paglingkuran natin ang lahat.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(planuhing maglingkod sa pamilya):* Sabihin sa mga bata na nais ni Jesus na paglingkuran natin ang iba, pati na mga miyembro ng ating pamilya. Gumupit ng maliliit na bilog sa papel at bigyan ng ilan ang bawat bata. Magpadrowing sa kanila ng nakangiting mukha sa bawat isa para makagawa ng “Mga Ngiti ng Paglilingkod.” Hikayatin ang mga bata na magsagawa ng mga munting paglilingkod sa mga miyembro ng kanilang pamilya sa susunod na linggo. Magpalitan ng ideya tungkol sa mga gawaing magagawa nila (tulad ng mag-iwan ng maikling liham ng pagmamalasakit, damputin ang mga laruan, o ayusin ang kama). Magpaiwan sa mga bata ng isang “Ngiti ng Paglilingkod” kung saan nila ginawa ang paglilingkod. Anyayahan silang hilingin sa kanilang pamilya na lumahok sa aktibidad na ito kasama nila. Hikayatin ang mga bata na maghandang ibahagi sa Primary sa susunod na linggo kung paano napangiti ng kanilang paglilingkod ang kanilang pamilya.






**Tip:** *Ang oras ng pagbabahagi ay makapaglalaan ng mga pagkakataong masuportahan ang programang* Pananampalataya sa Diyos. *Ang aktibidad sa paglilingkod sa mga linggo 1 at 2 ay makakatulong para maisakatuparan ang mga mithiin sa mga pahina 8–9 ng mga gabay na aklat sa* Pananampalataya sa Diyos.



### Paglalarawan sa Isipan ng mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan

*Makakatulong ang mga simpleng costume na yari sa mga pang-araw-araw na bagay para mailarawan ng mga bata sa kanilang isipan ang kuwentong ito sa banal na kasulatan.*

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pag-uulat sa paglilingkod):* Anyayahan ang mga bata na muling ikuwento ang tungkol sa mabuting Samaritano sa sarili nilang mga salita. Muling gamitin ang mga costume na ginamit ninyo noong nakaraang linggo para tulungan silang makaalala. Pagkatapos ay bigyan ng pagkakataon ang mga bata na mag-ulat tungkol sa "Mga Ngiti ng Paglilingkod" noong nakaraang linggo. Ang isang paraan para magawa ito ay lumikha ng isang munting roleta tulad ng ipinakita rito, na nakalista ang bawat klase sa inyong Primary. Paikutin ang roleta at anyayahan ang isa o dalawang bata sa klaseng tinigilan nito na mag-ulat tungkol sa paglilingkod nila at kung paano sila pinasaya nito at ang iba. Ulitin kung may oras pa.




[Magklik dito para sa gawang-sining.]

## Linggo 3: Kapag naglilingkod ako sa aking pamilya, naglilingkod ako sa Diyos.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagsaulo ng banal na kasulatan):* Isulat sa pisara ang "Kapag kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17) at talakayin ang kahulugan nito. Tulungan ang mga bata na isaulo ito sa pamamagitan ng paghati ng banal na kasulatan sa dalawang bahagi at ipabigkas sa kalahati ng mga bata ang unang bahagi ("Kapag kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao") at sa natitirang kalahati ang pangalawang bahagi ("Kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos"). Ulitin nang ilang beses.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagkanta ng isang awitin):* Kantahin ang "Kung Tayo'y Tumutulong" (*AAP,* 108), na ipinapalit ang salitang *naglilingkod* sa salitang *tumutulong*. Ulitin ang awitin, na ipinapalit ang ibang mga kapamilya sa *nanay* (halimbawa, tatay, kuya, at ate). Anyayahan ang mga bata na mag-pantomime ng isang paglilingkod na magagawa nila para sa kapamilyang iyon habang kumakanta sila. Paalalahanan ang mga bata na kapag naglilingkod tayo sa iba, naglilingkod tayo sa Diyos.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga pagkakataong maglingkod):* Magdrowing ng orasan sa pisara. Hatiin sa mga grupo ang mga bata at atasan ang bawat grupo ng ibang oras sa maghapon. Sabihin sa mga bata na mapaglilingkuran nila ang kanilang pamilya anumang oras sa maghapon. Sabihin sa mga bata, "Tik tak, tik tak, oras nang maglingkod nang alas ______!" Patayuin ang grupong nakatalaga sa oras na iyon, at hayaan silang magbahagi ng isang paraan na makapaglilingkod sila sa kanilang pamilya sa oras na iyon. Ulitin hanggang sa matapos ang lahat ng grupo.

### Repasuhin ang Doktrina

*Makakatulong ang pagrerepaso sa mga doktrina sa nakatutuwang mga paraan para matandaan ng mga bata ang kanilang natutuhan.*

## Linggo 4: Kapag naglilingkod ako sa aking kapwa, naglilingkod ako sa Diyos.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagtingin sa mga halimbawa ng pagkakataong maglingkod):* Papuntahin ang isang lider ng Primary sa silid na nagkukunwaring may problema at kitang-kitang nangangailangan ng tulong. Halimbawa, maaaring may nailalaglag siya, sinisikap dalhin ang napakaraming bagay, o nagpapatahan ng sanggol. Hingan ng mga mungkahi ang mga bata kung paano nila magagamit ang kanilang "tumutulong na mga kamay" para tulungan siya. Ipaalala sa mga bata na sa kuwento ng mabuting Samaritano, tinuruan tayo ni Jesus na paglingkuran ang iba. Ipakita ang mga larawan ng mga batang nangangailangan ng tulong. Gumamit ng mga larawan mula sa pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary. Anyayahan ang mga bata na ibahagi kung paano sila makakatulong sa mga sitwasyong ito. Ulitin ang unang kalahati ng Mosias 2:17, at ipaulit sa mga bata ang natitirang kalahati.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagpaplano ng paglilingkod sa kapwa):* Ipabakat sa mga bata ang kanilang mga kamay sa isang papel at ipasulat sa kanilang "tumutulong na mga kamay" ang isang paraan na makapaglilingkod ang kanilang pamilya sa kanilang mga kapitbahay. Hikayatin silang gawin ang paglilingkod na ito sa kanilang pamilya anumang araw sa linggong ito. Idispley ang mga kamay sa bulletin board o sa dingding kung saan maaalala ng mga bata ang mga paraan na makapaglilingkod sila.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagkanta ng isang awitin):* Papuntahin sa harap ng klase ang isang bata at ihambing ang kanyang mga kamay sa inyo. Ituro na mas maliit ang kanyang mga kamay kaysa sa inyo. Magtanong tulad ng, "Makakadampot ng mga laruan ang malalaki kong kamay. Kaya ba ng maliliit mong kamay?" Isali ang lahat ng bata sa paghahambing ng kanilang mga kamay sa mga kamay ng kanilang guro. Ituro na maraming paglilingkod ang magagawa ng kanilang mga kamay kahit maliliit ang mga ito. Kantahin ang "Ako ay May Dalawang Munting Kamay" (*AAP,* 126). Anyayahan ang mga bata na ihalukipkip ang kanilang mga kamay sa harap nila habang kumakanta. Kapag kinanta nila ang salitang *mga kamay,* ipataas ang dalawang kamay nila at agad ihalukipkip muli ang mga ito.

**Tip:** *Matutuwang matuto ang mga bata kung isasali sila sa iba't ibang paraan. Subuking gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng paghahati sa mga bata, tulad ng babae't lalaki, mga magkakapareho ang kulay ng damit, o mga batang ang kaarawan ay nasa una at ikalawang bahagi ng taon.*

**Disyembre**

# Buhay ang Aking Manunubos

*"At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!" (D at T 76:22).*

***Dagdagan ng sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan upang matukoy ng mga bata ang doktrina at tulungan silang maunawaan at ipamuhay ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"***

**Tip:** *Maganda ang tugon ng mga bata sa mga visual. Gumamit ng iba't ibang visual, pati na ng mga bagay, drowing sa pisara, wordstrip, flannel board, at puppet (tingnan sa* PWHDT, *113–15).*

## Linggo 1: Si Jesucristo ay naparito sa daigdig tulad ng ipinangako ng mga propeta.

**Tukuyin ang doktrina** *(pagtalakay sa mga kaarawan):* Itanong sa mga bata: "Umisip ng isang pagkakataon na nagdiwang kayo ng kaarawan sa espesyal na paraan. Ano ang ginawa ninyo?" Pagsalitain ang ilang bata tungkol sa kanilang kaarawan. Ipaliwanag na inutusan ng Ama sa Langit ang Kanyang mga propeta na ipaalam sa mundo, noong una pa man, ang pinakamahalagang pagsilang sa kasaysayan ng mundo—ang pagsilang ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Ipaliwanag na napakahalaga ng mensaheng ito kaya handang magbuwis ng buhay ang mga propeta upang patotohanan ang pagparito ni Cristo. Ipaulit sa mga bata ang mga katagang "Si Jesucristo ay naparito sa daigdig tulad ng ipinangako ng mga propeta.".

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pag-akto sa mga kuwento sa banal na kasulatan):* Idispley ang mga larawan ng ilang propetang nagturo na paparito si Jesucristo. Hatiin sa mga grupo ang mga bata at bigyan ang bawat grupo ng isang reperensya sa banal na kasulatan na nagsasalaysay ng isa sa mga turo ng propeta. Pagsalit-salitin ang mga grupo sa pagsasadula ng mga salaysay (tingnan sa *PWHDT,* 219–20) habang tinutukoy ng ibang mga bata sa Primary kung sino ang propetang inilalarawan nila. Maaaring kabilang sa mga propeta sina Haring Benjamin (Mosias 2:1, 5–7; 3:5–8), Abinadi (Mosias 12:1, 9; 15:1–2; 17:1, 8–10), at Samuel ang Lamanita (Helaman 14:1–5; 16:1–2). Magpatotoo na naparito nga si Jesucristo sa daigdig at natupad ang mga propesiya tungkol sa Kanya.

**Tip:** *Mas natatandaan ng mga bata ang kanilang natutuhan kapag itinuro nila ito sa iba. Mag-isip ng mga paraan para magawa nila ito sa oras ng pagbabahagi o sa tahanan.*

## Linggo 2: Si Jesucristo ang Tagapagligtas ng mundo.

**Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay** *(pagtalakay sa mga larawan at bagay):* Magdala ng apat na kahon na nakabalot ng pangregalo. Bawat kahon ay dapat lagyan ng isang larawan o bagay na kumakatawan sa isa sa mga sumusunod na kaganapan at isang papel na may paliwanag ng pagpapala o kaloob na inilalarawan nito:

- Kaganapan: Pagsilang ni Jesus; kaloob: "Ipinagkaloob ng Ama sa Langit ang Kanyang Bugtong na Anak para maging ating Tagapagligtas."
- Kaganapan: ang Sermon sa Bundok; kaloob: "Tinuruan tayo ni Jesucristo kung paano mamuhay nang matuwid."
- Kaganapan: Nananalangin si Jesus sa Getsemani; kaloob: "Ginawang posible ni Jesucristo na maligtas tayo mula sa kasalanan."
- Kaganapan: ang Pagkabuhay na Mag-uli; kaloob: "Ginawang posible ni Jesucristo na mabuhay tayong mag-uli."

Ibang bata ang papagtanggalin ng balot ng bawat kahon, at talakayin kung paano tayo pinagpapala ng bawat kaloob.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagsusulat o pagdodrowing):* Talakayin ang mga paraan na makapagreregalo tayo sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba at pagpapakita ng pagmamahal sa kanila (tingnan sa Mateo 25:40). Bigyan ng papel ang bawat bata at pasulatin o pagdrowingin sila ng isang regalong maibibigay nila sa Tagapagligtas. Pagkatapos ay ipatupi sa kanila ang papel sa gitna at lagyan ng dekorasyon ang labas tulad sa isang regalo.



## Linggo 3: Si Jesucristo ay babalik sa mundo balang-araw.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagbasa sa mga banal na kasulatan at dula-dulaan):* Sabihin sa mga bata na mag-uulat sila tungkol sa magandang balita na si Jesucristo ay babalik sa mundo balang-araw. Pumili ng dalawang batang magkukunwaring mga reporter sa TV o pahayagan na magtatanong sa bawat klase ng ilang tanong. Bigyan ang bawat klase ng isa o dalawa sa sumusunod na mga tanong at reperensya sa banal na kasulatan at ilang minuto para makapaghanda: Ano ang ilang palatandaan ng Ikalawang Pagparito ni Jesus? (Joseph Smith—Mateo 1:28–29); Paano Siya paparito? (Mateo 24:29–31); Kailan Siya paparito? (Mateo 24:36, 42, 44); Ano ang mangyayari sa mabubuting tao pagdating Niya? (D at T 88:96–97); Anong pamahalaan ang iiral pagdating Niya? (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10; D at T 29:11; 45:58–59); Anong mga hayop ang mabubuhay pagdating Niya? (Isaias 11:6–9; Oseas 2:18). Pagsalit-salitin ang dalawang batang gumaganap na mga reporter sa pagtatanong, at pasagutin ang bawat grupo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagtalakay at pagkanta):* Talakayin sa mga bata ang mga paraan para makapaghanda tayo sa muling pagparito ni Jesus. Bigyang-diin na kung mamumuhay tayo nang matwid, wala tayong dapat ikatakot. Anyayahan silang talakayin ito sa kanilang mga magulang sa bahay. Kantahin ang "Sa Kanyang Pagbabalik" (*AAP,* 46–47).

**Tip:** *Planuhin ang inyong mga oras ng pagbabahagi para maisali kapwa ang mga batang nakatatanda at mas nakababata. Halimbawa, mas uubra ang unang aktibidad sa linggo 3 sa mga batang nakatatanda. Magplano ng mga paraan para maiakma ang aktibidad na ito sa mga mas nakababata.*

## Linggo 4: Maaari kong makapiling na muli si Jesucristo.

**Maghikayat ng pag-unawa** *(pagsali sa pisikal na aktibidad):* Bago magsimula ang Primary, magdikit sa ilalim ng upuan ng ilang tuntungang-bato na yari sa papel na nasusulatan ng isa sa sumusunod: binyag, kumpirmasyon, panalangin, family home evening, pakikibahagi ng sacrament, pagsisimba, at kasal sa templo. Maglagay ng larawan ng mundo sa isang dulo ng silid at larawan ni Jesucristo sa kabilang dulo. Sabihan ang isang bata na subukang tumalon mula sa isang larawan papunta sa isa pa. Ipaliwanag na may mga hakbang na dapat nating gawin para muling makapiling si Jesus at ang Ama sa Langit. Patingnan sa mga bata kung may nakadikit na tuntungang-bato sa ilalim ng kanilang upuan. Isa-isang papuntahin sa harapan ang mga may tuntungang-bato at sabihin kung paano sila mapapalapit kay Cristo kung gagawin nila ang aksiyong nakasulat sa kanilang bato. Ilagay ang tuntungang-bato sa sahig sa pagitan ng dalawang larawan. Magpatuloy hanggang sa makagawa ng landas sa kuwarto ang mga tuntungang-bato. Palakarin ang isang bata mula sa larawan ng mundo papunta sa larawan ng Tagapagligtas, na tanging mga tuntungang-bato ang tinatapakan. Hikayatin ang mga bata na laging gawin ang tama para manatili sila sa landas pabalik sa piling ni Jesucristo.

**Maghikayat ng pagsasabuhay** *(pagdodrowing at pagkukulay):* Ipabakat sa mga bata ang kanilang mga paa sa magkakahiwalay na papel at ipasulat o ipadrowing sa bawat bakat ang isang hakbang na magagawa nila para makabalik sa piling ni Jesucristo. Ipatugtog nang mahina sa piyanista ang "Susundin Ko ang Plano ng Diyos" (*AAP,* 86–87) habang nagkukulay sila. Hikayatin ang mga bata na iuwi ang kanilang mga drowing at ipakita ito sa kanilang pamilya.




[Magklik dito para sa mga tuntungang-bato.]

**Tip:** *Para maipakita ang inyong pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo, magbigay ng taos-pusong papuri na binabanggit ang nagawa ng bata. Halimbawa, masasabi ninyong, "Salamat sa pagkukuwento ninyo tungkol sa pamilya ninyo," sa halip na magbigay ng karaniwang papuring tulad ng "magaling" o "salamat."*

### Makabuluhang mga Pisikal na Aktibidad

*Natututo ang mga bata kapag sumasali sa makabuluhang mga aktibidad. Sa aktibidad na ito gumagawa ng mga hakbang ang mga bata na kumakatawan sa mga bagay na magagawa nila para mas mapalapit kay Cristo. Mag-isip ng mga paraan para maraming bata ang makasali hangga't maaari.*



**Tip:** *Makakatulong ang musika para mapanatag ang mga bata at maghandang makinig at matuto. Halimbawa, maiaangat ninyo nang mataas ang inyong mga kamay at masasabi sa mga bata na masdan ang inyong mga kamay habang kumakanta sila. Sabihin sa kanila na kapag ibinaba ninyo ang inyong mga kamay, dapat silang kumanta nang mas mahina o mas marahan. Pasalamatan sila sa kanilang pagpipitagan.*

**Tip:** *Hindi ninyo kailangang maging magaling na musikero o magkaroon ng magandang boses para maging masaya at makabuluhan ang pagkanta sa Primary.*

# Paano Gamitin ang Musika sa Primary

***Ang layunin ng musika sa Primary ay ituro sa mga bata ang ebanghelyo ni Jesucristo. Mas pinasasaya ng mga awitin sa Primary ang pagkatuto ng ebanghelyo, inaanyayahan nito ang Espiritu, at lumilikha ng kapaligiran ng pagpipitagan at pagkatuto.***

## Gamitin ang prelude music para maghatid ng pagpipitagan at anyayahan ang Espiritu

Ang prelude music ay lumilikha ng mapitagang kapaligiran at tinutulungan ang mga bata na maghandang matuto ng ebanghelyo. Magpatugtog habang parating ang mga bata.

Anyayahan ang mga bata na sumali sa prelude music sa pamamagitan ng pagpapakanta sa kanila habang pumapasok ang iba sa silid ng Primary. Halimbawa, maitataas ninyo ang inyong kamay at masasabi sa mga bata na kapag bukas ang kamay ninyo dapat nilang hinaan ang pagkanta, at kapag sarado naman dapat nila itong ihimig.

Magpatugtog ng isang awiting pinag-aaralan ng mga bata sa oras ng prelude; makakatulong ito para maging pamilyar sila sa himig. Tukuyin ang awitin, at pagkatapos ay ihimig ang tono para sa kanila. Pagkatapos ay ipahimig sa kanila ang tono kasabay ninyo.



*Maaakit ng musika ang mga bata mula sa unang pagdating nila sa Primary.*

## Gamitin ang musika sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo

Tulungan ang mga bata na maunawaan na hindi lamang isang awitin ang pinag-aaralan nila kundi isa ring alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa *AAP,* iii). Magtanong o tulungan silang magtuon ng pansin sa alituntuning itinuturo sa awitin sa pamamagitan ng isang simpleng aktibidad tulad ng pagbibilang kung ilang beses nila kinakanta ang isang salita o mga kataga (tingnan sa mga tulong para sa music leader sa buwan ng Pebrero).

Nagpapatotoo ang mga bata habang kumakanta sila (tingnan sa Enero, linggo 1). Paalalahanan ang mga bata na umupo nang tuwid at gandahan ang kanilang boses habang kumakanta. Purihin ang mga bata at pasalamatan sila kapag maayos ang kanilang pagkanta.



## Magsanay sa Tahanan

*Para mabisang maituro ang isang awitin, dapat ay alam ninyo ito mismo. Magsanay sa tahanan para kapag nagturo kayo sa mga bata ay sa kanila kayo nakatingin, hindi sa inyong aklat.*

## Paano ituro ang isang awitin

Sa pagpaplano kung paano ninyo ituturo ang isang awitin, itanong sa sarili ang mga sumusunod: Paano ko makukuha ang pansin ng mga bata? Ano ang mga maitatanong ko para matulungan ang mga bata na maunawaan ang mensahe ng ebanghelyo sa awitin? Anong patotoo ang maiiwan ko sa mga bata na magpapalakas sa kanila? (Tingnan sa *AAP*, 149.)

Palaging kantahin sa mga bata ang mga salita ng isang bagong awitin—huwag itong basta basahin o bigkasin sa kanila. Nakakatulong ito para maiugnay ng mga bata ang himig sa mga salita. Natututuhan ng mga bata ang isang awitin sa paulit-ulit na pakikinig at pagkanta nito. Hindi nila kailangang basahin ang isang awitin para matutuhan ito. Halimbawa, maaari ninyong pasundan sa mga bata ang pagkanta ninyo. Hipuin ang inyong tainga at iparinig sa mga bata ang maikling kataga o isang linya habang kumakanta kayo. Pagkatapos ay senyasan sila kapag sila na ang kakanta ng linya sa inyo. Kantahin ang dalawang linya sa ganitong paraan, at pagkatapos ay ulitin ang mga ito hanggang sa matutuhan na ito ng mga bata. Ulitin sa sumunod na dalawang linya (at sa sumunod na dalawa pa, at sa iba pa) hanggang sa matutuhan nila ang buong awitin.

## Repasuhin ang mga awitin para pag-aralan ito at para masaya

Isali ang mga bata sa pagpili ng mga awiting rerepasuhin. Halimbawa, bigyan ng pusong papel ang bawat bata, at ipasulat sa kanila rito ang pangalan nila at paboritong awitin sa Primary. Ilagay ang mga puso sa isang lalagyang may tatak na "Mga Awitin ng Puso," at papiliin ang mga bata ng ilang kakantahin. Sabihin sa mga bata na ang mga awitin sa Primary ay maaaring pagmulan ng kapanatagan, patnubay, at inspirasyon at makakanta natin ang mga ito sa halos lahat ng pagkakataon.

## Gamitin ang musika para maisali ang mga bata at maglaan ng angkop na galaw

Makakatulong ang paggamit ng galaw habang kumakanta para mas mabilis matutuhan ng mga bata ang mga awitin. Makukuha rin nito ang kanilang pansin. Tiyaking angkop ang mga galaw na ginagamit ninyo sa mga sagradong awitin. Ang mga simpleng kumpas ng kamay para sa mahahalagang salita o kataga ay maaaring angkop halos sa alinmang awitin (tingnan sa mga tulong para sa music leader sa buwan ng Enero). Halimbawa, kapag kinanta ang "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" (*AAP*, 42–43), sabihin sa mga bata na tuwing kakantahin nila ang salitang *pag-ibig* dapat nilang ilagay sa dibdib ang kanilang mga kamay.

Maraming masayang awiting may aktibidad sa *Aklat ng mga Awit Pambata.* Magsaya sa paggamit ng mga ito, at magiging masaya rin ang mga bata. Halimbawa:

- Kantahin ang "Ulo, Balikat, Tuhod, at Paa" (*AAP,* 129) sa mga bata sa regular na bilis, at saka sila hamuning sabayan kayo sa pagkanta nito nang pabilis nang pabilis.
- Kantahin ang "Sana Ako'y Makapagmisyon" (*AAP,* 91). Anyayahan ang mga mas nakababata na magkunwaring nangangabayo sila at naghahatid ng Aklat ni Mormon sa mga taong malayo ang tirahan. (Maaari silang magkunwaring sakay ng eroplano o sakay ng matatag na tren.)

### Ang Plano Kong Magturo ng Isang Awitin

**Alamin ang awitin: Magsanay, Magsanay, Magsanay**

**Itanong sa sarili:**

1. Paano ko makukuha ang pansin ng mga bata?
2. Ano ang mga maitatanong ko para matulungan ang mga bata na maunawaan ang mensahe ng ebanghelyo sa awitin?
3. Anong patotoo ang maiiwan ko sa mga bata na magpapalakas sa kanila?



**Tip:** *Ang mabisang paggamit ng musika ay maganyaya sa Espiritu. Kapag tapos na ninyong kantahin ang isang awitin, ipaalala sa mga bata na kapag may nadama silang pag-ibig at kapayapaan, tinutulungan sila ng Espiritu Santo na malaman ang katotohanan.*

# Ako ay Minamahal Niya

Mga titik at himig nina
Tami Jeppson Creamer at Derena Bell




Karapatang-sipi © 2002 nina Tami Jeppson Creamer at Derena Bell. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa tahanan at sa simbahan. Ang paunawaang ito ay dapat isama sa bawat kopyang ginawa.


na - ka - sa - ma, Sa a - kin ay to - to - o S'ya.
Kan-yang lan - das, — Pa - ba - lik sa a - king D'yos.
f
S'ya ay bu - hay! Su - sun -
din ko nang tu - nay. Pu - so'y i -
bi - bi - gay. A - ko ay mi - na - ma - hal N'ya.
mf
1.
mp
2.
A - ko ay mi - na - ma - hal N'ya.
rit.
p



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

© 2009 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA. Pagsang-ayon sa Ingles: 5/07
Pagsasalin ng *2010 Outline for Sharing Time and the Children's Sacrament Meeting Presentation.* Tagalog. 04763 893

Mga image credit: Pabalat sa harapan: *Sakdal na Pag-ibig,* ni Del Parson, © Del Parson. Pahina 3: *Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus,* ni Harry Anderson, © IRI; *Si Cristo at ang mga Bata sa Aklat ni Mormon,* ni Del Parson, © 1995 Del Parson; *Ang Unang Pangitain,* ni Gary Kapp, © Gary Kapp—bawal kopyahin. Pahina 9: *Ang mga Hangarin ng Aking Puso,* ni Walter Rane, sa kagandahang-loob ng Church History Museum. Pahina 14: *Pinagagaling ni Jesus ang Bulag,* ni Carl Heinrich Bloch, ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerod, Denmark. Pahina 15: *Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus,* ni Harry Anderson, © IRI; *Dahil Dito Magsiyaon Nga Kayo,* ni Harry Anderson, © IRI. Pahina 17: *Binabasbasan ni Jesus ang Anak na Babae ni Jairo,* ni Greg K. Olsen, © 1990. Pabalat sa likod: *Sa Ilalim ng Kanyang Pakpak,* ni Jay Bryant Ward, © 2004 Jay Bryant Ward.

TAGALOG
4 02047 63893 0
04763 893